**DALUMAT**
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

# Pagkilala ng mga Kamalian sa Sulatin Tungo sa Pagbuo ng mga Pantulong na Aralin sa Pagsulat

Dr. Fe M. Panagsagan - Abaca
Unibersidad ng Batangas
rpabaca@yahoo.co.ph

Petsa ng Pagsumite:
**Abril 30, 2026**

Petsa ng Pagtanggap:
**Mayo 10, 2026**

Petsa ng Paglathala:
**Mayo 30, 2026**

DOI:
**10.5281/zenodo.20454887**

**Abstrak**

Mabilis na nagbabago ang ating panahon. Maging sa larangan ng edukasyon ay mapapansin ang mga pagbabagong kinakaharap hindi lamang ng mga guro kundi pati ng mga mag -aaral. Sa pagnanais ng mga gurong makaagapay sa mga pagbabagong ito, patuloy at patuloy sila sa pagtuklas at paglinang ng iba't ibang dulog, istratehiya at mga makabagong kagamitang pampagtuturo na magagamit sa pagpapataas sa antas ng kaalaman at kakayahan ng mga mag -aaral. Ito ang layunin ng pag -aaral na ito: ang makabuo ng mga pantulong na aralin sa pagsulat na magsisilbing kagamitang pampagtuturo sa paglinang ng kakayahan ng mga mag -aaral sa pagsulat. Inalam sa pag -aaral na ito ang mga karaniwang kamalian ng mga mag -aaral sa kanilang mga sulatin na syang naging batayan sa pagbuo ng mga pantulong na aralin. Ginamit ng mananaliksik ang pamaraang deskriptiv na gumagamit ng dokyumentari analisis gamit ang frekwensi at bahagdan. Natuklasan sa pag -aaral na ang karaniwang kamalian ng mga mag -aaral sa kanilang sulatin ay makikita sa grammar, mekanismo at istruktura. Batay sa resulta ng pag -aaral, inirekomenda ng mananaliksik ang pagsasagawa ng "Focus Group Discussion" (FGD) para tuklasin pa ang mga problema ng mga mag -aaral, guro at iba pang mga kasangkot sa prosesong pagtuturo – pagkatuto .

**Mga Susing Salita** : *karaniwang kamalian, makabagong kagamitang pampagtuturo, pantulong na aralin, gramar, mekanismo, istruktura*

## INTRODUKSIYON

Patuloy ang mabilis na pagbabago ng ating panahon. Kasabay nito, ang mga pagbabagong nagaganap sa ating paligid maging sa larangan ng edukasyon, siyensya at teknolohiya. Kailangan tayong makatugon sa mga pagbabagong ito upang maging produktibo ang ating buhay ngayon at sa mga susunod pang panahon.

Sa mundo ng edukasyon, iba't ibang dulog, istratehiya at teknik ang patuloy na nililinang . Laganap ang " text to teach " sa elementarya at sa sekundarya, isa sa mga makabagong dulog ng pagtuturo, isang pindot lang at matututunan na nang may kawilihan ng mga mag –aaral ang mga paksang pinag –aaralan.

Maging sa tersyarya ay patuloy ang pagtuklas at paglinang ng iba't ibang dulog , istratehiya at maging ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo na magagamit sa pagpapataas sa antas ng

kaalaman at kakayahan ng mga mag –aaral. Isang katotohanang ang guro ay palaging nahaharap sa mga hamon kung paano matututo ang mga mag –aaral ng may kasiyahan.

Kasabay ng pagtuklas ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo ay ang paglinang sa kakayahan ng mga mag –aaral sa paggamit ng wika na siyang instrumento nila sa mabisang pakikipag –ugnayan sa kapwa at sa lipunan. Ito ang isa sa mga pinagtutuunan ng pansin ng edukasyon ngayon - ang pagpapataas sa kakayahan ng mga mag –aaral sa pakikipagtalastasan. Mahalagang magkaroon ng kahusayan sa pakikipagtalastasan ang mga mag –aaral sapagkat ito ang kanilang susi sa mabisang pakikisangkot sa kompleks na lipunang kanilang kinabibilangan. Sa ganitong kalagayan, mahalagang malinang nang lubos ang kasanayan at kakayahan ng bawat mag –aaral sa paggamit ng wika upang marating nila ang mas mataas na lebel na paggamit ng wika sa pakikipagtalastasan. ( Fransisco, Christian George .et.al. 2007 ).

Sa antas tersyarya, ang kaalaman ng mga mag –aaral sa paggamit ng wika sa pasalitang pakikipagtalastasan ay lubhang kapansin – pansin. Gayunman, lumalabas ang kanilang kahinaan at kamalian kapag ito ay kanilang isinulat. Ang maling gamit ng mga salita, maling pagkakabuo ng ideya o kaisipan, ugnayan ng paksa at panaguri , gamit ng ng mga pananda, gamit ng mga panghalip, pang –abay ,at aspekto ng pandiwa, maging ang gamit ng bantas at baybay ng salita ay napapansin sa pasulat na pakikipagtalastasan. Ang mga kamaliang ito ang nagpapahina sa sulating kanilang ginawa. Ang mga ito ang dahilan kung bakit nagiging mababaw o magkaminsan ay nagiging malabo ang paglalahad ng mga ideya ng mga mag –aaral sa kanilang komposisyon at siyang sanhi rin ng pagkakaroon ng mababang antas ng pagsulat.

Ang ganitong sitwasyon ay mabibigyang kalutasan kung ang mga mag –aaral ay may mataas na kamalayan sa pagsulat. Ang mga bagay na dapat isaalang –alang upang magkaroon ng epektibong sulatin ay dapat maging malinaw sa mga mag –aaral sa gayon ay magiging maingat sila sa pagsulat. Gayunman, hindi sapat na matutunan ang mga teorya at mga tuntunin sa pagsulat. Kailangan ang tandisang paggamit nito sa tunay na buhay. Ang mga pantulong na aralin samakatwid ay mahalaga sa mga ganitong pagkakataon. Kailangan ang mga pantulong na aralin na susuporta sa mga teorya at tuntunin na napag –aralan ng mga mag –aaral sa klase. Ito ang magsisilbing pwersa na lilinang sa kasanayan ng mga mag –aaral sa pagsulat.

Ayon kay Pagkalinawan et. Al. ( 2004), ang pagsulat ay isang kasanayang pormal na natutunan ng isang tao. Hindi tulad ng pagsasalita na natural na natututunan at bahagi ng normal na pag-unlad ng tao, ang pagsulat ay isang mabagal at kompleks na proseso. Nangangailangan ito ng malalim na pag-iisip at pag-unawa.

Nangangahulugan lamang na upang magkaroon ng isang magandang sulatin , ang mag –aaral ay kailangang pumaloob sa isang pormal na pag –aaral kung saan kinakailangang gamitin niya ang mga konsepto o ideyang nakuha niya sa iba't ibang paraan: sa pagbabasa, pakikipag –ugnayan , pananaliksik o dili kaya ay sa paglalakbay.

Ang pagsulat ay isa ring produktibong kasanayan na nararapat na matutunan ng mga mag-aaral upang madebelop ang kanilang komunikatibong kakayahan. Sa pamamagitan nito, malaya nilang maipaparating ang mga bagay na di nila maturan sa salita. Nagagamit rin itong instrumento upang maipahayag nila ang damdamin sa ibang tao. Karaniwang ginagamit ito upang mailahad ang mga ideya at impormasyon sa iba't ibang larangan na kinakailangang ipaalam o ibahagi sa iba.

Sa pagsusulat, kinakailangan ang kasanayan upang maging epektibo ang komunikasyon kaya't mahalagang mapagtuunan ang dalawang aspetong binibigyang diin sa pagsulat; ang kaanyuan kung saan ito ang partikular na huwaran o kaayusang ginagamit ng may-akda sa pagpapahayag ng kanyang mga ideya, at ang nilalaman; ang kabuuan ng mga kaisipan at damdamin ng manunulat na nais nyang iparating sa mga bumabasa.

Sa patuloy na pagsulat, nadaragdagan ang mga kasanayan, kaya nadaragdagan ang kaalaman. Subali't hindi madaling magsulat sapagkat sa pagsasagawa nito kinakailangang ibigay ang lahat ng kakayahan at kasanayan. Nangangailangan ang manunulat ng karanasan upang maging maganda ang daloy ng mga ideya at sa gayon magiging maganda ang daloy at maayos ang isusulat. Kinakailangan rin ang kasanayan sa tamang gamit ng salita sa bawat talata upang maging mabisa ang pagpapahayag.

Maging sa isang sulatin, gaano man kaganda ang ipinahahayag na ideya, ito ay hindi makakapagpakilos sa mambabasa kung ang pangungusap ay hindi magkakaugnay. Hindi rin kinakailangang pabigatin ang pangungusap gamit ang transisyonal na expresyon upang maipakita lamang ang kagandahan at kahalagahan ng impormasyon o ideya. Kinakailangang lumabas ito nang natural sa nararapat nitong kahulugan at kaayusan (The New Fowler's Modern English Usage, 1996).

Gayunpaman, magiging malinaw lamang ang pagpapahayag ng ideya kung gumagamit ng mga tiyak at konkretong mga salita. Ayon kay Casanova (2001), hindi dapat maging kilometriko ang mga pangungusap at talata, hindi paliguy-ligoy at hindi mabulaklak. Dapat na tama ang konstruksyon o istruktura ng mga pahayag batay sa batas ng gramar upang maging mahusay at malinaw ang daloy ng pagpapahayag.

May dalawang mahalagang kabutihang naidudulot ang pagsusulat. Una, sa pamamagitan nito, makagagawa, ng mabuting plano para sa kanyang mga ideya ang tagapagpahayag. Magkakaroon siya ng pagkakataong maisaayos ang kaisipang ibig niyang ibahagi sa kanyang target na mambabasa. Ikalawa, maaari niyang pakinisin o pabutihin ang kanyang sinusulat sapagkat magkakaroon siya ng sapat na panahon, paghahanda at pagkakataon para ito isagawa. Makikita niya ang mga kakulangan sa kanyang ginawa sa paulit-ulit na pagbabasa sa kanyang pyesa. Sa gayon, mapapabuti niya ito hanggang sa maayos ang kanyang sulatin.

Ayon kay Tanawan et.al. (2003), hindi biro ang gawaing magsulat. Nangangailangan ito ng disiplinang mental at mataas na antas ng kaalamang teknikal, at pagkamalikhain, sapat na kasanayang pangwika, lalo na sa bahaging gramar.

Samakatwid, kung ang tamang gramar ay matututunan ng mga mag –aaral, magiging lubhang mabisa ang kanilang pakikipagtalastasang pasulat. Sa ganito, mapapatunayan ang pagkakaroon ng makalidad na edukasyon.

Ang pagbibigay ng kalidad na edukasyon para sa lahat ay isa sa mga proyekto ng pamahalaan ngayon. Isa sa mga inilulunsad ngayon ng Departamento ng Edukasyon (DepEd) sa pamamagitan ng DepEd Memo No. 83, S. 2008 ay ang 2008 International Year of Languages. Isinasaad dito ang pag–aanyaya sa lahat na dagdagan ang mga aktivitis na magpapayaman sa paggalang at pagpoprotekta sa lahat ng wika, lalo na ang mga wikang unti-unting namamatay. Kaugnay nito, hinihikayat ng DepEd ang paggunita sa International Year of Languages (IYL) at ang pagdiriwang sa International Mother Language

ISSN:3116-4692

Day na may temang: "Languages Matter". Isa sa mga layunin nito ay pangunguna sa pagpapaunlad ng wika partikular ang inang wika.

Maging ang Commission On Higher Education (CHED) ay kabalikat sa mga adhikain ng pamahalaan sa pagbibigay ng kalidad na edukasyon gamit ang wikang Filipino. Sa pamamagitan ng CHED MEMORANDUM ORDER ( CMO ) Bilang 59 serye 1996, iniutos ang paglinang sa pagsulat. Pinagtibay ang CHED Memo order na ito sa pamamagitan ng CHED Memorandum Order Bilang 54 serye 2007 na nag –aapruba sa pagbabago sa deskripsyon at fokus ng Filipino 1, Filipino 2 at Filipino 3 sa kolehiyo. Ang Filipino 1 na may deskripsyong Sining ng Komunikasyon ay naging Komunikasyon sa Akademikong Filipino at nakafokus sa istruktura, gamit, katangian at kahalagahan ng wikang Filipino sa akademikong larangan. Ang Filipino 2 na bahagi ng pag –aaral na ito ay Pagbasa at Pagsulat sa Iba't ibang Disiplina na ngayon ay naging Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik, kung saan binigyang pansin ang pananaliksik, samantalang ang Filipino 3 na dating Retorika ay naging Masining na Pagpapahayag na nakatuon sa malayang pagtuklas at pagpapakita ng kakayahan at kahusayan sa pagdidiskursong pasulat at pasalita.

Mapapansing ang kasanayang pagsulat ay laging kabilang sa mga paksang tatalakayin sa tatlong batayang asignaturang Filipino sa antas kolehiyo. Ito ay isang pagpapatunay na binibigyan ng mataas na pagpapahalaga ng Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon ang pagsulat bilang isang kasanayang dapat linangin sa isang mag –aaral.

Ang pagtatamo ng mga kamalian sa sulatin ng mga mag –aaral sa kolehiyo ay pagpapatunay na kailangan at kailangan pa ring ituro at patuloy na linangin ang pagsulat sa mga mag –aaral. Ang mga kaalaman at ideyang kanilang taglay hinggil sa pagsulat ay hindi pa rin sapat para sabihing nakamit na nila ang kasanayang kanilang kailangan sa pasulat na pakikihamok sa buhay.

Ito ang pangunahing dahilan kung bakit ang pag–aaral na ito ay isinagawa. Layunin ng pag –aaral na ito ang matugunan ang pangangailangan ng mga mag–aaral na malinang ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng mga sulating pangkolehiyo gamit ang tamang gramar, istruktura, at mekanismo. Tatlong mahahalagang sangkap na kailangan upang maging masining, malinaw, at kaakit–akit ang pagpapahayag sa paraang pasulat. Mangyayari lamang ito sa pamamagitan ng pagkilala ng mananaliksik sa mga kamalian sa mga sulating pangkolehiyo ng mga mag-aaral ng Mindoro State College of Agriculture and Technology ( MinSCAT ). Ang mga natuklasang kamalian ang magiging batayan ng mananaliksik sa pagbuo ng isang pantulong na aralin na siyang kasagutan sa pangangailangan ng mga kagamitang pampagtuturo sa pagpapayabong sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag–aaral sa antas tersyarya.

**Balangkas Konseptwal**

Isa sa mga naging batayan ng pananaliksik na ito ang teoryang "Connectionism " ni Edward Thorndike.

Alinsunod sa teoryang ito, kinakailangan ng kahandaan at kasanayan upang matamo ang pagkatuto. Ayon dito, higit na matututo ang isang tao kung handa niyang ibuhos ang kaisipan sa mga bagay na dapat niyang matutunan. Ang kahandaan ay mahalaga upang madaling matuto ang isang tao.

Nakasaad din sa teoryang ito na ang kasanayan ay mahalagang aspeto upang maging ganap ang pagkatuto. Ang paulit-ulit na praktis ay isang magandang paraan upang ang lahat ng nais na matutunan ay tumimo nang husto sa kaisipan. Sa ganitong paraan ang ganap na pagkatuto ay mararanasan.

Ginagamit ang teoryang Connectionism sa mga paksang kasangkot ang pagkatuto. Ginagamitan ang mga paksang ito ng pandamdam tulad ng paningin, pandinig, pandama, pang-amoy at panlasa. Ginagamit ng mga taong nais matututo ang kanilang senses o pandamdam upang matutunan ang mga bagay-bagay tungkol sa buhay at sa paligid. Ang pangunahing konsepto ng teoryang ito ay batay sa katotohanan na ang pagkatuto ay isang aktibong proseso at ito ay matatamo kung lahat ng gawain ay dadaanin sa eksperimento.

Sa loob ng silid-aralan ang paggamit ng eksperimento bilang paraan ng pagtuturo ay napakainam sapagkat ang mga mag-aaral ay aktibong nasasangkot upang malaman ang sagot sa mga tanong o kung paano humanap ng sagot sa mga tanong.

Ang mag-aaral na nais na matuto na sumulat ay kinakailangang maging handa upang isang maganda at tamang sulatin ang mabuo nito. Ayon pa rin dito, kinakailangan ang masusing pagpapraktis para masanay ang mga mag-aaral sa paggamit ng tamang salita at gramar. Kapag nangyari ito, ang mga mambabasa ay hindi mahihirapan na maintindihan ang mensahe o impormasyon na nais iparating ng sumulat.

Ang "Universal Grammar" ni Chomsky ay isa pa rin sa mga naging sanligan ng pag –aaral na ito.

Inilahad sa teorya ni Chomsky na may kakaibang biyolohiyang mekanismo ang utak ng tao kaya likas sa kanya ang kaalaman sa salita (Developing Language for Life, 2007) . Kung likas sa tao ang salita ibig sabihin may kakayahan siyang matutunan ang tamang paggamit ng salita. Ipinakikita lang ng teoryang ito na dahil sa ang salita ay natural sa tao, madali na para sa kanila ang magsalita, bumasa at sumulat. Kaya nga't ang isang mensahe ay hindi maiparating nang tama sa iba kung hindi nagiging maingat sa paggamit ng tamang salita ang nagsasalita o nagsusulat.

Sa pag-aaral na ito, naging mahalaga ang teoryang nabanggit sapagkat naipakita sa mga mag-aaral ng MINSCAT na sa pagkakaroon ng likas na kaalaman sa salita, may kakayahan ang bawat isa na paunlarin ang kanyang kasanayan sa tamang paggamit nito sa pagsulat. Kung nagkakamali man ay sa dahilang hindi lang pinapahalagahang suriin ang gamit ng mga salita. Gayon pa man, kung laging bukas ang kaisipan sa mga ganitong bagay hindi mahihirapan ang sinuman na itama ang mga maling gamit na salita.

Sa akademyang pagsusulat, kinakailangan ang kakayahan at matimtimang pagsasasanay sa paggawa, pagbuo at masusing pag-aanalisa ng ideya upang magkaroon ng epektibong komunikasyon. May mga materyal na hindi kawili-wiling basahin dahilan sa hindi maganda at mahusay na pagkakabuo ng mga ideya, mahinang ayos ng mga pangungusap, nakalilitong mga kahulugan, at pagkakaroon ng mahaba at hindi familiar na mga salita. Mahalagang ang mga talatang gagamitin sa mga sulatin ay makapagpapakita ng maunlad na kaisipan upang makatulong sa pagpapayabong sa kaalaman ng mambabasa. Dapat na maipakita rito kung paano nauugnay ang pangkalahatang layunin ng sulatin. Mahalaga rin na may kaisahan sa diwa ang bawat talatang isusulat. Kinakailangan ding ang talata ay may paksang pangungusap na siyang nagtataglay ng diwa ng talata. Dapat itong may balangkas ng talata na maaaring ilagay sa unahan, gitna o hulihan ng talata.

Ang kakayahang maipahayag ang kaisipan ay maipakikita sa kakayahang makasulat ng isang maayos na pangungusap. Tatlong mahahalagang bagay ang dapat bigyang-pansin sa pagbuo ng isang maayos na pangungusap: kahulugan, galaw o kilos at ang pagkakaiba-iba. Subalit ang pinakamahalaga ay ang kaalaman sa gamit ng wika at ang mga tuntunin sa gramar. Maraming magagandang pangungusap na bagamat wasto ang gramar ay nakalilito pa rin sa dahilang hindi magagap kung ano ang ibig ipakahulugan ng sumulat. Walang halaga ang pangungusap kung ito ay hindi makapagdaragdag ng kahulugan sa isang sulatin. Marami sa mga pangungusap na nababasa natin ay may kahulugan, bagama't may mga pagkakataong hindi maliwanag ang kahulugan nito. Tulad ng gamit ng mga "dangling modifiers" na nagbibigay turing sa isang bagay na hindi tuwirang binanggit sa pangungusap. Gayon din ang paglalagay ng "misplaced modifiers" o maling ayos ng panuri na nagiging dahilan ng malabong pagpapakahulugan ng mambabasa.

Isa pang karaniwang nagiging kamalian ng mag-aaral sa pagsulat ay ang gramatika, pagbaybay at pagbabantas. Ito ay isa sa mga idinadaing ng mga gurong nagtuturo ng pagsulat. Mahalaga ang gramar, pagbabaybay, at pagbantas upang makalikha ng isang mahusay na sulatin. Sa pagbuo ng pangungusap, kinakailangan ding maayos ang pagkakalagay ng paksa (subject) at panaguri ( predicate).

Karaniwan, hindi alam ng mga mag-aaral na ang ginagamit na salita bagama't sariling wika ay hindi naakma. Ayon kay Ozbek (banggit ni Murrow 1995), hindi nagagamit nang tama ng mga mag-aaral sa kanilang sulatin ang tamang gramar kahit na ito ang pangunahing kailangan sa epektibong pagsusulat. Marahil ang dahilan nnito ay itinuturong bukod ang gramar, at hindi ito nagagamit sa aktwal na pagtatalakay. Ang pinakaugat ng problema, samakatuwid ay hindi sa paraan ng pagtuturo ng gramar kung hindi kung paano ituro ang gramar.

Ayon kay Gloria Fisk (2007), kinakailangang lagyan ng pananda ang mga mali ng mag-aaral sa ginawa nilang sulatin upang malaman nila kung alin o saan sila dapat sanayin, sa tulong nito, nagiging malinaw sa mga mag –aarala ang kanilang kahinaan Sa gramar, ang karaniwang kamalian ng mag-aaral ay sa bahagi ng paksa, pandiwa, sa paggamit ng tenses at pagbaybay. Ganito rin ang kay P.T. Kingston et.al. (2005). Sa pagsulat, aniya, kailangan ang kasanayan sa paglikha, pagbabaybay, pagbabantas at paggamit ng malaking titik. Kung kaya't ang isang manunulat ay kailangang may sapat na kaalaman sa pagbuo ng isang sulatin at sapat na kaalaman sa paksang susulatin. Dapat din na maliwanag ang layunin o dahilan ng kanyang pagsusulat. Taglay din ng manunulat ang kasanayan sa pag-iisip; ang pagbuo ng maayos na talataan na naglalahad ng malinaw na ideya at pansuportang detalye. May kakayahan ang isang mahusay na manunulat na maglahad ng magkakasunod na ideya upang makabuo ng magkakaugnay na teksto. Dapat ding isaisip ang maayos na pagkakasulat ng isang sulatin. Kailangan ang wastong baybay ng lahat ng salitang gagamitin sa pagsulat.

Ang mahusay na manunulat ay bumubuo muna ng kaisipan bago siya magsimula sa pagsulat. Sa pag-oorganisa ng sulatin, maraming paraan ang maaaring gamitin. Sa simula pa lamang ay nililinaw na niya ang kanyang hangarin sa pagsulat, upang maging malinaw ito sa kanyang mga mambabasa.

Hindi karaniwang gawain ang pagsulat sa tunay na buhay. Kailangang may mabigat na dahilan para sumulat ang isang tao. Sa paaralan, paano nga ba susulat sa loob ng klasrum? Kailangan ng gurong lumikha ng mga sitwasyon na maghahawi ng landas tungo sa pagbuo ng isang komposisyon. Isa sa maaaring gawin ng guro ay ang pagkaklase na walang usapan. Sa halip, pasulat na komunikasyon ang paiiralin. Kinakailangan na ang guro ay maging pamilyar sa kalikasan ng pagsusulat; bakit nagsusulat ang mga tao; anu-ano ang kanilang sinusulat at; anu-ano ang mga kailangan upang makasulat nang mahusay.


**DALUMAT**
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

Mahalaga ring malaman niya ang iba"t ibang yugto sa paglinang ng mga kasanayan sa pagsulat at ang mga isyu at kalakaran hinggil sa pagtuturo ng pagsulat upang makabuo ng sariling paraan para sa mabisang pagtuturo nito.

Bilang karagdagan, mahalagang mag-isip ang mga guro ng mga paraan upang matulungan ang mga mag-aaral na lumikha ng wastong sulatin.

Mula sa mga konsepto at teoryang nakalap, nabuo ang sumusunod na balangkas operesyunal.

Makikita sa Pigura 1 ang balangkas operesyunal na kinapapalooban ng iba't ibang baryabol na sangkot sa pag-aaral. Nakapaloob sa unang kahon ang pagkilala sa mga kamalian sa mga sulatin ng mga mag-aaral ayon sa istruktura, gramar, at mekanismo. Sa ikalawang kahon makikita naman ang baryabol na pagtuklas ng pagkakaiba ng antas ng kahusayan na nakamit ng mga mag –aaral. Isang pantulong na aralin sa paglinang ng mga kasanayan sa pagsulat ang produkto ng resulta ng pag-aaral.




Pigura 1. *Balangkas Operesyunal*

**Paglalahad ng Suliranin**

Sinikap na buuin sa pananaliksik na ito ang mga pantulong na aralin sa paglinang ng mga kasanayan sa pagsulat para sa antas kolehiyo, ng Dalubhasaang MINSCAT. Binuo ang mga sumusunod na katanungan batay sa mga komposisyon ng mga mag-aaral ng MINSCAT:

1. Anu-ano ang mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa kanilang sulatin batay sa:

    1.1. gramar;

        1.1.1. panandang morpopolohiko

1.1.1.1. pang –angkop

1.1.1.2. pangatnig

1.1.1.3. panlapi

1.1.1.4. pananda

1.1.1.5. pang –ukol

1.1.2. gamit ng panghalip

1.1.3. gamit ng pang –abay

1.1.4. aspekto ng pandiwa

1.2. istruktura

1.2.1. pagkakaayos ng mga salita

1.2.2. pagkakaugnay ng paksa at panaguri

1.2.3. pagkakabuo ng tanong

1.2.4. malabong ideya o kaisipan

1. 3. mekanismo

1.3.1. gamit ng bantas

1.3.2. gamit ng malaki at maliit na titik

1.3.3. wastong baybay ng salita?

2. Bakit may pagkakaiba ang antas ng kahusayan ng mga mag –aaral ng MinSCAT sa kanilang sulatin batay sa naitalang kahusayan sa:

2.1. gramar;

2.2. istruktura;

2.3. mekanismo?

3. Anu – ano ang mga elemento ng gramar, istruktura at mekanismo ang kasanib sa bubuuing pantulong na aralin?

4. Batay sa natuklasang mga resulta/bunga ng pagkilala sa mga kamalian sa binuong komposisyon, anu-ano ang mga pantulong na aralin ang mabubuo sa paglinang ng mga kasanayan sa pagsulat?

**Saklaw at Delimitasyon**

Ang pag-aaral na ito ay nakafokus lamang sa pag- alam sa karaniwang kamalian sa mga sulatin ng mga mag-aaral sa unang taon na kumukuha ng Filipino 102 sa Mindoro State College Of Agriculture And Technology (MINSCAT) taong panuruan 2007-2008.

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Isang paksa na nasa anyo ng paglalahad ang sinulat ng mga kalahok na mag-aaral sa unang taon na kumukuha ng iba't ibang kurso sa kolehiyo ng MINSCAT ang tinalakay sa pag-aaral na ito. Sa pag-eebalweyt ng sulatin, unang inalam ang karaniwang kamalian sa mga sulatin ng mga mag-aaral ng MinSCAT base sa istruktura, gramar at mekanismo. Kasunod nito, inalam ang pagkakaiba ng antas ng kahusayan na nakamit ng mga mag-aaral sa kanilang sulatin batay sa gramar, istruktura at mekanismo. Kinuha din ang bahagdan ng kamalian at mula sa resulta ay gumawa ng isang pantulong na aralin ng mga sulating pangkolehiyo na lilinang sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ng MinSCAT.

## Kahalagahan ng Pag-aaral

Mahalaga ang kasalukuyang pag –aaral sapagkat ito ang isa sa mga tugon sa hamon ng nagbabagong edukasyon.

***Mag – aaral.*** Ang pag–aaral na ito ay magiging mahalaga sa mga mag-aaral sapagkat ang resulta ay magsisilbing patnubay ng mag-aaral upang malaman nila ang digri ng kanilang kamalian sa pagsulat ng komposisyon. Malalaman din nila kung saang aspeto sila mahina at ano ang karaniwang pagkakamali nila sa pagsusulat ng komposisyon, sa gayon ay mabibigyan nila ng pagkakataong itama ang mga maling nagawa nila. Gayundin, ang binuong pantulong na aralin ay magbibigay sa mga mag–aaral ng ideya kung paano sumulat ng mga sulating pangkolehiyo na magagamit nila sa pagganap sa napili nilang propesyon.

***Guro***. Magiging makabuluhan din ang pag-aaral na ito sa mga guro sa Filipino lalung–lalo na sa mga gurong nagtuturo ng Filipino 102 sapagkat ito ay magagamit nilang lunsaran sa pagtuturo ng iba't ibang uri ng sulating pangkolehiyo. Makatutulong din ito upang malaman ng mga guro ang kahinaan ng kanilang mga estudyante sa makrong pasulat na mga kasanayan. Sa ganitong pamamaraan, nabibigyan sila ng direksyon sa kung aling sangkap sa pagsulat ang dapat pagtuunan ng pagtuturo. Magiging basehan ito upang mailapat ng mga guro ang tamang estratehiya sa pagdebelop ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Sa paraang ito, magkakaroon ng kamalayan ang mga mag –aaral sa kanilang mga pagkakamali at mababawasan ito kung hindi man tuwirang maiwawasto.

***Administrador***. Magiging mahalaga rin ang pag –aaral na ito sa mga administrador sapagkat sa pamamagitan nito ay malalaman ang mga pangangailangan (needs assessment) ng mga mag –aaral sa pagtatamo ng kasanayan sa epektibong pagsulat. Gayundin naman, sa pamamagitan ng inihandang pantulong na aralin sa pagsulat mahahasa ang mga mag –aaral sa pagsulat na senyales ng pagkakaroon ng makalidad na edukasyon ng paaralang kanyang pinamumunuan.

***Paaralan***. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito maaaring makagawa ng isang programa hinggil sa epektibong pagsulat ang paaralan na siyang lilinang at magpapatalas sa kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsulat.

***Mananaliksik***. Ang mga susunod na mananaliksik ay matutulungan din ng pag –aaral na ito sapagkat magagamit nilang batayan ito sa kanilang ginagawang pag-aaral na may relasyon o kaugnayan dito.

## Kahulugan ng mga Katawagan

Ang mga sumusunod na salita at parirala ay binigyang-katuturan ayon sa pagkakagamit sa pag-aaral na ito upang makatulong sa higit na pag-unawa sa pagtalakay sa paksa.

ISSN:3116-4692

***Antas ng kamalian sa pagsulat***. Ito ay tumutukoy sa digri ng nagawang kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral ayon sa gramar,istruktura at mekanismo.

***Bahagdan ng kamalian.*** Tumutukoy ito sa bahagdan ng nagawang kamalian sa sulatin ayon sa gramar, istruktura at mekanismo.

***Diskursong pang-akademiko***. Ito ay tumutukoy sa pagpapahayag na pasulat na ginagawa sa loob ng pamantasan ng mga mag-aaral sa antas tersyarya.

***Filipino 102.*** Isa itong kurso sa kolehiyo na nakafokus sa pagbasa at pagsulat ng iba't ibang anyo ng sulating akademiko bilang kasangkapan sa pagkatuto.

***Gramar***. Sa kasalukuyang pag-aaral, ito ay tumutukoy sa wastong gamit ng salita sa pahayag. Ito ay ang pagkakaugnay ng salita sa mga pangungusap, ang tamang mga panuring, ang mga pang-ugnay ang mga tinig ng pandiwa at iba pa upang magkaroon ng kaisahan at kakitilan ang mga pangungusap.

***Istruktura ng wika***. Ito ay ang pag-oorganisa ng mga salita, pasulat man o pasalita, sa isang makahulugang pangungusap gamit ang konbensyonal na gramar.

***Kagamitang pampagtuturo.*** Ang mga ito ay tumutukoy sa mga bagay na ginagamit ng guro sa paglilipat ng kaalaman sa mga mag –aaral.

***Karaniwang kamalian sa pagsulat.*** Tinutukoy nito ang madalas na pagkamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat.

***Kasanayan sa pagsulat.*** Ito ay tumutukoy sa kaalaman ng mga mag-aaral kung paano ang lumikha ng isang masaganang sulatin ng kakaunti ang nakilalang kamalian.

***Mekanismo.*** Ito ay tumutukoy sa mga sangkap na kailangan upang magkaroon ng malinaw, wasto at kaakit-akit na pagpapahayag sa paraang pasulat.

***Pagkilala sa mga kamalian (Error recognition).*** Ito ay ang pag–alam o pagtukoy sa mga kamaliang nagawa ng mga mag–aaral sa kanilang sulatin.

***Pagsusuri at pag-aanalisa.*** Ito ay tumutukoy sa pagsusuri at pag-aanalisa ng mga nakilalang kamalian sa mga sulatin ng mag-aaral ayon sa istruktura, gramar at mekanismo.

***Panandang morpopolohiko***. Sa kasalukuyang pag–aaral, tinutukoy nito ang pang–angkop, pangatnig, panlapi, pananda at pang–ukol na sinuri kung paano ginamit ng mga mag–aaral sa kanilang sulatin.

***Pantulong na aralin sa kasanayang pagsulat.*** Tinutukoy nito ang instruksyunal materyal na bubuuin batay sa kinalabasan ng ginawang pag–aaral. Ipapaloob dito ang wastong paggamit ng mga aspektong naging kamalian naman ng mga mag–aaral sa kanilang sulatin.

***Sulating pangkolehiyo.*** Ito ay tumutukoy sa lahat ng uri ng sulatin sa Filipino 102 sa antas tersyarya kung saan binibigyang–diin ang gramar, istruktura at mekanismo.

**KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL**

**Wika Sa Pakikipagtalastasan**

Ang wika, pasalita man o pasulat ay ginagamit na behikulo sa pagpapahayag ng ating mga nadarama at mga pangangailangan. Bawat wika ay may sariling tuntuning semantik at sintaktik na kinakailangang sundin ng bawat nagsasalita o ng nagsusulat upang maunawaan siya ng kanyang tagapakinig o mambabasa. Sa kabilang dako, kinakailangan din ng mga tagapakinig o mambabasa ang mga kabatirang ito upang maunawaan niya ang wikang kanyang naririnig o binabasa. (Badayos, 1999)

Bilang mga gawaing komunikatibo, kinakailangan ng nagsasalita o sumusulat ang pagkakaroon ng kamalayan sa pakikipag-ugnayang panlipunan at ang paggamit ng tamang dekorum sa pasalita man o pasulat na diskurso. Ang mga ito ang magiging gabay ng tagapag-salita o ng manunulat sa pagpili ng angkop na wikang gagamitin sa iba't ibang pagkakataon.

**Gramatika at Pagsulat**

Ayon kay Badayos, maraming mag-aaral ang parang natitigilan kapag pinasusulat na ng guro. Maaaring ito'y dahil sa hindi nila alam ang kanilang isusulat o kaya'y alam nilang hindi magiging maganda ang kanilang susulatin. Ang maaari ring dahilan ay ang pangambang marami silang maging mali sa paggawa ng sulatin. Ang unang hakbang na dapat isagawa ng guro upang maiwasan ang ganitong pangyayari ay gawing maluwag ang kalagayan sa silid-aralan. Ipaunawa sa mga mag-aaral na sa madalas na pagsulat malilinang ang kanilang kaalaman at mababawasan ang karaniwang kamalian nila sa pagsusulat.

Kanya ring ipinahahayag na ang pagsulat ay isang kompleks na kasanayan; samakatuwid, ang isang manunulat ay kailangang may sapat na kaalaman sa mga salik na mahalaga sa pagbuo ng isang sulatin: Tulad ito ng mga sumusunod: Una, kailangan sa pagbuo ng isang sulatin ang sapat na kaalaman o impormasyon sa pasksang susulatin; pangalawa, dapat malinaw sa isipan ng manunulat ang dahilan kung bakit siya nagsusulat. Malaki ang magiging epekto nito sa kanyang paraan ng pagsulat; pangatlo, dapat isaisip ng isang manunulat na may nagaganap na interaksyon sa pagsulat; pang-apat, ang isang manunulat ay kailangan mayroon ng kaban ng wikang maaring gamitin ayon sa pangangailangan; panglima, dapat isaalang-alang angn mga konbenson sa pagsulat na tinatangkilik sa isang pamayanan; pang-anim, ang isang manunulat ay dapat magtaglay ng iba't ibang kasanayan sa pag-iisip, ampito, isa sa mga tunguhin ng manunulat ang makabuo nang maayos na talataan na naglalahad nanag malinaw na ideya at mga pansuportang detalye; pangwalo, dapat isaalang-alang sa pagsulat ang mga pagpapahalagang pinananaligan ng isang manunulat at handa niyang panindigan ang mga ito; pangsiyam, dapat isaisip na ang maayos na pagkakasulat ng isang sulatin ay isang kailanganin na dapat isaalang-alang sa pagsulat; at ang panghuli, dapat mabatid ng isang manunulat ang mga proseso na sinusunod sa pagsulat.

Ang pagsulat ayon kina Xing at Jin (Belvez, et al, 2001) ay isang komprehensibong kakayahang naglalaman ng wastong gamit, talasalitaan, pagbuo ng kaisipan, retorika at iba pang mga elemento. Ito'y may kaugnayan sa pakikinig, pagsasalita at pagbasa.

Ayon naman kay Keller (Belvez, et al., 2001) ang pagsulat ng sulatin ay kabuuan ng isang pangangailangan at kaligayahan. Walang katotohanan ang sinasabi ng ibang kritiko na hindi matututuhan ng isang tao ang pagsusulat. Ang totoo, ang sinumang tao ay makasusulat kung gugustuhin

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

lamang niya, at kung handa siyang subukin ito. Ang mahusay na pagsulat ng sulatin ay nakasalalay sa dalawang salik: Una, sa epektibong paraan ng pagsulat ng isang tao at pangalawa sa kanyang natatanging katangiang taglay na niya sapul pa sa kanyang pagkakasilang, ang kakayahang magsulat.

Ipinahayag din niya na mahalaga ang idyoma at talasalitaan sapagkat nakatutulong ito sa pagtuklas ng ibig nating ipahayag. Nakalilinang din ito ng kakayahan sa paggamit ng wika sa isang sitwasyong kinapapalooban ng disiplinang intelektwal at ng pagkamalikhain.

Ang pagsulat, dagdag pa rin niya ay isang kasanayang dapat matamo ng sinuman. Ito ay maituturing na isa sa pinakamabisang paraan ng pagpapahayag ng kaisipan at ng damdamin. Ito'y karaniwang ginagamit ng taong walang lakas ng loob na magpahayag nang berbal, o kaya'y ng taong ayaw makasakit ng damdamin ng iba. Sa sulat nailalabas nila ang mga damdaming nais kumawala sa kanilang dibdib nang walang pag-aatubili o pag-aalinlangan.

Sinabi rin niya na ang wasto at mabisang pagpapahayag ay nakatuon hindi lamang sa kawastuang panretorika kundi sa kawastuang pambalarila. Dahil dito, ang sinumang mag-aaral ng wika na nagnanais makapagtamo ng kakayahang makapagpahayag nang mabisa sa wikang pinag-aaralan ay dapat na may lubos na kaalamang pambalarila. Kung mali ang gamit at pagkakaugnay-ugnay ng mga salita sa mga pangungusap na ginagamit sa pagsasalita o pagsusulat, nagiging malabo rin ang pahayag. Ang mga karaniwang nagiging dahilan ng mga kamalian sa pagsusulat ay ang kawastuan ng balarila at karayian ng pangungusap. Dapat pag-ukulan ng pansin ang ayos ng pangungusap, mga gamit na pantukoy, mga pandiwa, mga panuring, maging ang mga ito'y nasa anyong salita, parirala at sugnay, wastong gamit at wastong baybay (Ibid.).

Paliwanag pa rin nila, karaniwang nagkakamali sa gamit ng "ang" at "ng" lalo pa ang mga hindi Tagalog. Kadalasan ay napagbabaligtad nila ang gamit ng mga ito. Tandaan na ang panandang pantukoy na "ang" ay laging dapat gamitin sa kaukulang palagyo o ginagamit para tukuyin ang isang pangangalang ginagamit na simuno ng pangungusap. Ang isang karaniwang kamalian sa pagpapahayag ay ang paggamit ng "sila" sa halip na "sina" at "kila" sa halip na "kina." Ang "sila" ay panghalili sa ngalan ng tao, samantala ang "kina" ay pantukoy dito. Wala tayong salitang "kila" kung kaya't kailangan itong iwasan.

Karaniwan ng nagiging malabo ang diwa ng pangungusap dahil sa hindi wastong paggamit ng tinig ng pandiwa. Ang pagpapalit-palit ng gamit ng tinig ng pandiwa ay karaniwang nagiging dahilan ng kalabuan ng pagpapahayag. Ang dapat gamitin ay tahasan subalit ang nagagamit ay tinig balintiyak o kaya ay tinig balintiyak sa halip na tahasan. Laging isaisip na sa tinig tahasan, ang simuno ang gumaganap sa kilos ng pandiwa; sa balintayak, ang simuno ay hindi gumaganap sa kilos ng pandiwa. Tungkol naman sa kailanan ng pandiwa, dapat tandaan na kailangang maging konsistent sa paggamit ng kailanang isahan, dalawahan at maramihan sa ating pagpapahayag. Ang mga pandiwang "kumain," "tumungo," "sumama," at "nagbigay" ay may kailanang isahan kahit hindi ito gamitin sa pangungusap. Magkagayunman, ang maramihang simuno ay maaaring gamitan ng isahang pandiwa na hindi makababawas sa kalinawan ng pangungusap.

Mayroon tayong tinatawag na pokus ng pangungusap sa Filipino. Ito ay ang semantikong pagkakaugnayan ng paksa o simuno at ng pandiwa na ipinahahayag sa tulong ng panlapi. Mapapansin na kapag nagbago ang pokus ay nagbabago rin ang anyo at panlapi ng pandiwa. Dapat pagsanayan ang ganitong pagkakaugnay ng simuno at pandiwa sapagkat dito malimit magkamali, lalo na ang mga hindi

Tagalog. Kailangan ding maging maingat sa paggamit ng mga panlaping “um-“ at “mag-“ sapagkat malaki ang nagagawa ng mga ito sa kahulugan ng pangungusap.

Sa mga bahagi ng pananalita, ang mga pang-uri at pang-abay ang ipinalalagay na mga panuring. Ang mga ito ay maaaring nasa anyo ng salita, parirala o sugnay. Itinuturo ng kalinawan sa pagpapahayag na ang mga panuring ay dapat na ilapit sa salitang tinuturingan hangga’t maaari. Nagiging malabo ang diwa ng pangungusap kapag ang panuring ay malayo sa salitang tinuturingan. Ang ganitong kamalian sa pagbubuo ng pangungusap ay karaniwang naririnig sa mga mag-aaral at mababasa rin sa kanilang mga sulatin. Nararapat lamang na ito ay bigyang-pansin at iwasto kaagad ng mga guro.

Ang wastong baybay ay hindi maaaring ipagwalang-bahala upang maging wasto at maayos ang pagpapahayag lalo na kung ito ay pasulat. Isa sa malaking gawain ng guro ng wika ay ang pagwawasto sa mga komposisyon at iba pang gawaing pasulat ng mga mag-aaral. Tunay na nakahihilong basahin ang isang sulatin na hindi lamang sabog ang diwa ng mga pangungusap kundi mali-mali pa rin ang baybay ng mga salita.

Kahit tumpak ang pagkakabuo ng mga pangungusap, at wasto ang gamit ng mga salita sa diwang nais ipahayag, hindi magiging ganap at mabisa ang pagpapahayag kung ang mga salita ay hindi nasusulat ayon sa patakaran at pamantayan sa wastong palabaybayan sa Wikang Filipino.

Hindi maikakailang marami sa mga tao, maging nakapag-aral man o hindi, ang madalas na nagkakamali sa paggamit sa ilang mga salitang karaniwan nang pagkamalan o pagpalitin ang gamit sa pangungusap. Ilan sa mga salitang ito ay ang “nang” at “ng”. Ang “nang” ay ginagamit na pangatnig sa hugnayang pangungusap at sa gayun ay siyang panimula ng sugnay da di makapag-iisa. Ito’y katumbas ng salitang “when” sa Ingles. Ang “nang” na nagbubuhat sa “na” na naangkupan ng ng ay ginagamit din bilang pang-abay na pamanahon na katumbas ng salitang “already” sa Ingles. Ang “nang” ay ginagamit din bilang pang-ugnay sa pandiwa at sa pang-abay na pamaraan at pang-ugnay sa mga salitang inuulit sa loob ng pangungusap. Ito rin ay kasingkahulugan ng “upang” at panumbas sa “so that” o “in order to” sa wikang Ingles. Samantala, bilang isang bahagi ng pananalita, ang “ng” ay gumaganap bilang pantukoy at pang-ukol ayon sa gamit nito sa pangungusap.

Ipinagdiinan din nila na dapat nating tandaan ang wastong gamit ng malaking titik at ng bantas tulad ng tuldok, kuwit, pananong, pandamdam, gitling, kudlit, tuldukuwit, tuldok-tuldok, panipi at panaklong.

Sabi nga ni Peter Elbow (ayon kay Lachica, 1998) ang pagsulat ay pakikipagtalastasan sa iba. Dito tinitiyak natin na pinakamahusay at pinakaangkop na salita lamang ang ating gagamitin sapagkat alam natin sa pamamagitan nito, tayo ay maaaring husgahan ng iba .

Nararapat na maging maingat ang isang sumusulat sapagkat mapapansin maging pinakamaliit na pagkakamali sa lahat ng aspeto ng wika. Sinasabing ang paraang ito ay higit na mahirap kaysa sa paraang pasalita sapagkat sa pagsasalita ay maaaring hindi gaanong mapansin ng mga nakikinig ang ilang kamalian, mapupuna lamang ito kapag nakasulat ang sinasabi nang pasalita.

Ipinababatid din ang kahalagahan ng pagkilala sa pangunahing layunin sa pagsulat. Ang “bakit” ay isang magandang panimula para sumulat. Gayundin naman, mahalagang matukoy kung sino ang

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

babasa ng sinulat at ano ang magiging reaksyon ng mga ito kapag nabasa ang ito na ang mensahe ay nakalaan sa kanila.

Mahalaga ring gumamit ng balangkas sa pagsusulat sapagkat makatutulong ito para maituon ang isip sa nilalaman o mensahe. Hindi kailangang tumigil para mag-isip kung dapat bang ikonsidera ang isang partikular na ideya na alam mo. Kaya't, sa pamamagitan pa rin ng balangkas mabibigyan ang manunulat ng pagkakataong sumulat sa kabila ng mga interapsyon o hadlang sa kaniyang pagsusulat.

Idinagdag din niyang ang tamang kaayusan ng mga salita sa loob ng pangungusap ay nagpapakita ng kakayanan sa epektibong pagsulat at malawak na pag-unawa sa talasalitaan. Dito'y makikita ang lawak ng pagpapakahulugan sa talasalitaan at ang kaalamang organisasyonal sa pagpapahayag.

Gayundin, sinabi niyang ang bantas ay nakatutulong din sa magandang daloy ng mga salita. Naiiwasan ang mga maling pagbasa sa pamamagitan ng mga tamang bantas. Sa pagsasalita, ang paghinto at pagtaas ng tinig ay may hatid na pakahulugan. Ang mga ito at iba pang katangian sa pagsasalita'y nailalangkap sa pagsulat sa pamamagitan ng mga bantas. Ang mga bantas ang nagpapakita na kinakailangan ang pagpapangkat ng mga salita at ng kanilang ugnayan upang malinaw na maihatid ang kahulugan.

Dagdag pa niya, ang paggamit ng kuwit ay isa ring karaniwang nagiging kamalian sa pagsusulat. Ipinapayo na sa halip na pagdugtungin ang dalawang pangungusap gamit ang koma o kuwit, gawing kumpleto ang dalawang pangungusap at gumamit na lang ng tuldok. Kung hindi ito maiwasan, gumamit na lang ng pangatnig katulad ng at, nguni't at kung.

Marami sa mga mag-aaral ang gumagamit ng pinagpuputol-putol na pangungusap o tinaguriang "fragment sentence" sa Ingles kapag nagsusulat. Dapat iwasan ang ganito. Alalahanin na ang pangungusap ay kinakailangang may paksa at panaguri.

Ayon kina Saymo et al. (2005) sa pagsulat kinakailangang hasain ang pag-unawa sa paggamit ng tamang gramar at wika, ang umintindi ng sistematikong dibuho sa umiiral na lenggwahe, ang madebelop ang bukabularyo, makakilala ng kaanyuang retorikal ng lenggwahe at ang kasanayan sa pagbasa.

Iba naman ang wika ni Myles (2007). Aniya, ang pang-akademyang sulatin ay nangangailangan ng masinsin at kamalayang pagsisikap at malimit na pagpapraktis sa pagkatha at pagbuo gayun din sa pag - aanalisa ng mga palagay o ideya. Ang kakayahan at kasanayan sa pagsasalita ay pumapailalim sa kakayahang magsulat sa isang napakahalagang pamamaraan. Dagdag pa niya na ang mga mag-aaral ay kinakailangang magkaroon ng kakayahan kapwa sa pagsasalita at pagsulat. Paliwanag pa niya na kinakailangan ring matuto sila ng tamang estratehiya at teknik sa pagsusulat.

Samantala, inilarawan naman ni Clifford (Belvez, et al., 2001) ang mga sangkap sa pagsulat. Ito ay ang mga sumusunod: Una, pagbuo ng mensahe. Ang mensahe ay binubuo ng kaisipan o konsepto. Ito'y maaaring nakapaloob sa bawat talata o sa buong nilalaman ng sulatin; Pangalawa, pagsusunud-sunod ng ideya. Mahalaga ang organisasyon ng isang susulatin upang makita agad ang balangkas ng isang mahusay at epektibong sulatin; Pangatlo at panghuli ang paghanap sa wika at pagsulat ng kumbensyon. Saklaw nito ang wastong gamit ng mga salita sa pangungusap, talasalitaan at pagbabantas.

Ang organisasyon sa gawaing pagsulat ay kaugnay ng iba pang bahagi ng lenggwahe tulad ng gramar,bokabularyo, mekanismo at nilalaman. Sa organisasyon, ang mga salita at pangungusap ay isinasaayos upang maging ganap na makabuluhan ang kahulugan

Naniniwala ang mga mag-aaral na madaling sumulat. Subalit ang katotohanan, madalas silang magkamali, mula tagubilin tungkol sa pagsulat hanggang sa problema sa gramar. Karaniwang kamalian sa pagsulat ay ang palabaybayan at gramar. Ito ang kamaliang karaniwang nakikita at idinadaing. Ang karaniwang nagiging kamalian ay pwedeng maitama kung nag-iingat at matamang iniisip ang susulatin, gayon din dapat itong pagbalik-aralan.(http://www.customwritten.com/custon-applicationessay.html, 2007).

Tunay na kumplikado o masalimuot ang sining ng pagsulat. Ang gawaing ito'y hindi lamang isang kasanayan na dapat linangin at pag-aralan. Maraming bagay ang nauugnay dito. Ang kasanayan sa pagbaybay, halimbawa, ay isa lamang sa mga kaugnay nito. Hindi magiging mabisa ang pagpapahayag na pasulat kung mali-mali ang baybay ng mga salitang ginamit sa pagpapahayag. Gayundin kahalaga ang paggamit o pagkakaroon ng malawak na talasalitaan. Ang paulit-ulit na paggamit ng salita ay hindi nakapagpapakinang sa mensaheng ibig iparating ng may akda sa mambabasa, bagkus ay maaaring magdulot pa ito ng pagkainis sa kanila. Ang kaalaman sa pag-uugnay-ugnay ng mga kaisipan o diwa ay isa pa ring katangiang dapat taglayin ng isang sumusulat.

Ang mahinang sulatin madalas ay hindi pinag-aaksayahan ng panahong basahin. Kapag ganitong uri ang isinumite ng mag-aaral sa kanilang guro mababang marka ang karaniwang natatanggap nito. Ang masamang epekto nito ay ang nabuong kaisipan ng mga mambabasa o ng guro na mahina ang mag-aaral na nagsulat ng sulatin. Kaya mahalagang paunlarin ang kakayahan at kasanayan sa paggawa ng sulatin. Ito ay makatutulong upang sa susunod na magsulat ang mag-aaral makagagawa na ito ng isang maganda at maayos na sulatin nang sa gayon makatatanggap siya ng mataas na marka (http://www.customwritten.com/custom-essay.html).

Ang puso ng matagumpay na sulatin ay nasa matibay na talataan o paragrap. Kinakailangan sa unang talata pa lamang ng sulatin ay makuha na agad nito ang interes ng mambabasa upang mahikayat na basahin ito. Ang panipi, larawan o estatistika ang malimit na makabihag ng atensyon ng mambabasa. Samantala ang kaugnayan ng paksa ay kinakailangan ring ipakita sa unang talataan pa lamang.

Marami sa mga diskursong sulatin ay hindi planado kaya hindi nagiging maganda ang pagkakabuo nito. Karaniwan ang pandiwa na nagbibigay - aksyon o buhay sa sulatin ay nawawala. Kung minsan naman hindi napapagdugtong nang ayos ang paksa at panaguri. Sa bawat talata, kinakailangan ang pagsisimula sa maliwanag na pangungusap. Bukod sa roon kinakailangang gumamit ng magagandang ideya para masuportahan ang buong talata at makapagpalabas ng isang malakas at magandang pangungusap (http://customwritten.com/custom-essay.html).

Ang isa pang karaniwang mali sa pagsusulat ay maling baybay na kinayayamutan ng mga guro. Bago isumite ang sulating pang - akademika sa guro kinakailangang suriing mabuti ito ng mag-aaral upang maitama na ang mga nakitang mali sa bawat pangungusap.

Inaasahan na lahat ng mag -aaral lalo na sa antas tersyarya na misusulat ang lahat ng mga salita sa kanilang tamang baybay. Karamihan sa mga maling baybay ay bunga ng kawalang-ingat at pagmamadali. Kaya kinakailangang basahin muli at rebisahin. Gawin lahat ng paraan na ang mga pagkakamali sa

pagbaybay ay dala ng maling pagsulat ng bolpen maling pindot sa tipo ng makinilya o kompyuter. Lahat naman nang ito'y maiiwasan kung matututong mag-ingat.

Bigyang-pansin din ang baybay ng mga bagong salita at pangngalan. Gumamit ng wasto at angkop na talasalitaan sapagkat malaki ang maitutulong nito sa larangan ng pagsulat.

Sa mga manunulat ipinapayo na sa pagsusuri ng kanilang sinulat makatutulong ang pagbasa ng bawat talata nang malakas. Ipinapayo rin na humanap ng isang makakatulong para magbasa.

Mapapansin rin na madalas ang isang pangungusap ay may paksang hindi sumasang-ayon sa pandiwa. Isang halimbawa rito ay ang sumusunod na pangungusap: " Ilan sa aklat sa silid-aralan ay sira". Ang tamang pangungusap ay "Ilan sa mga aklat sa silid-aralan ay sira." Kinakailangang basahin nang marahan ng sumusulat ang mga pangungusap na kanyang isinusulat upang madaling makita ang ganitong simple pero nakakairitang kamalian. (http://www.customwritten.com/custom-essay.html).

Sa palabantasan iminumungkahi ni Gloria Fisk (2007) na yaong mahahalaga lamang na bantas ang markahan sa simula pa lang ng semestre. Ang mga mag-aaral ay hindi dapat na sisihin sa kanilang paggamit ng maling bantas. Sila ay biktima lamang ng kapabayaan ng pagtuturo at pagkatuto.

Iminumungkahi din niya ang paggamit ng "rough draft". Gayun din ang pagbibigay pahintulot sa mga mag-aaral na gumawa ng sulatin tungkol sa konsepto nila sa kanilang kurso. Ito ay makatutulong upang mabuo nila ang mahirap na material bago sila tuluyang pagawain ng isang sanaysay.

Sa usapin ng kamalian sa pagsulat, kapag ibinuhos ng mag-aaral ang atensyon niya sa kanyang mga mali sa sulatin mahihirapan nangg himukin ito na magsulat muli (Ibid.).

Ayon naman kay Murrow (2007), ang batayan sa paggamit ng tamang gramar ay kinakailangang ituro sa mga mag-aaral. Ang problema ay kung paano makakapagbigay ng maikli subalit maliwanag na gramar.

Ang magandang pagsulat ay nagmumula sa puso. Kaya nga kung pipili ng paksa siguraduhing ito ay alam ng susulat upang sa bawat talata na kanyang gagawin malinaw niyang mailahad ang nais niyang iparating. Dapat malaman na sa bawat salitang nakasulat sa mga sulatin naipapahayag niya ang kanyang damdamin at naipararating sa mga mambabasa ang nais niyang ipabatid. Dapat ding malaman ng sumusulat na nadarama ng mga mambabasa kung ang kanilang sinulat ay nagmula sa puso at kung talagang alam ng sumulat ang paksang kanyang isinulat. Kaya nga dapat pag-ingatan ang bawat salita na gagamitin sa bawat pangungusap. Ang problema, marami sa mga mag-aaral ang di binibigyan ng halaga ang kanilang ginagawang sulating pang-akademya o diskurso. Kaya ang ginagawa ng mga guro para maiwasan ang ganitong pangyayari, pilit na ipinababatid ng mga ito ang kahalagahan ng pagsulat. http://www.customwritten.com/custom-essay.html).

Nais ng mga guro ay matuto ang mga bata na gamitin ang sulatin na isang oportunidad upang maturan nila ang mga bagay na nais nilang ipabatid, na masabi ang totoong buhay nila. Gusto rin ng mga guro na gamitin ng mga bata ang kanilang sulatin upang masabi nila ang mga bagay sa kanilang buhay na di pa nalalaman ng iba.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Base sa kalakaran, may mga naniniwalang ang pagsulat ay isang ekspresibong tungkulin na nakapokus sa karanasan ng mga manunulat. Mayroon din namang naniniwalang ang pagsulat ay isang komunikasyon base sa panloob na pagkakabuo ng nilalaman at sa karanasan ng babasa.

**Pagsulat Bilang Makrong kasanayan**

Inilarawan ni Britton (ayon kay Danielson, 2000) ang tatlong uri ng pagsusulat. Ang transaksyonal na pagsulat ay ginagamit upang magawa ang isang bagay. Ang layunin nito ay magbigay ng kaalaman, parangal, manghikayat at magturo. Sa maikling salita, ito ay isang hangaring tunguhin. Ang ikalawang kategorya ay makahulugan. Ito ay lengwahe na malapit sa sarili, madalas isang uri ng malakas na kaisipan sa papel. Ito ay nagpapakilala sa mabilis na kaisipan at nararamdaman ng nagsusulat; ito ay kilalang maluwag at hindi pormal; at pinahihintulutan ang mga manunulat na gumawa ng isang pagbabakasakali.

Ayon pa rin sa kanya, sa kalakarang ito ng pagsulat binabalangkas ng manunulat ang pansamantalang burador ng mga bagong ideya… (kung saan sa panahon ng krisis…nagbalak ang manunulat na gumawa ayon sa isang pasya). Ang pangatlong kategorya, ang matulaing lengwahe na ginagamit bilang kasanayan sa pagsulat.

Karaniwan ang mga baguhang manunulat ay umaasa lamang sa makahulugang paraan ng pagsusulat na ang mambabasa ay nananatiling malapit sa kanyang karanasan. Sa pamamagitan ng ekpresibong paraan nakakarating sa transaksyonal at malamakatang pagsulat ang mga nagsusulat. At habang siya ay natututo, ang pagpili ng tungkulin ay nagiging posible. Ang manunulat ay nakakapagpahayag ng kanyang saloobin gamit ang iba't ibang paraan.

Malaking tulong ang mga natutuhan ng mga manunulat sa pag-aaral tungkol sa mga paraan ng pagsulat, kung kaya't nakapaglalathala ng mga babasahing tinatangkilik ng mga mambabasa sa halos lahat ng lugar sa bansa.

Dapat maunawaan na ang pagsulat ng komposisyon, sa alin mang antas, ay nakatutulong nang malaki sa paglinang ng kakayahang gumamit ng wika sa isang kalagayang kinapapalooban ng disiplinang intelektwal at pagkamalikhain. Kung ang isang bata ay may potensyal sa pagsulat o may natatagong talino, nararapat lamang na pukawin ito ng guro upang malinang ang kakayahang ito at hindi manatiling nakatago. Sa mga nag-aakalang wala silang kakayahan, mahihikayat din silang makalikha ng magagandang kaisipan sa tulong ng mga pagsasanay na ibibigay ng masigasig at matiyagang guro. Hindi magiging mabisa ang pagpapasulat ng isang paksa kung hindi pa handa ang mag-aaral sa gawaing pasulat.

**Retorika**

Sa retorika, lalo na sa malikhaing pagsulat, problema palagi ang pagkilala ng estilo. Karaniwang kinaklase ang estilo sa ganito: klasikal (dahil ba matagal nang kilala?), konserbatibo (dahil ba sa antigo ang ginamit na wika?), moderno (dahil ba sa bumabanggit ng mga bagay na kanluranin?) o radikal (dahil ba marahas ang himig ng pagkakasulat ng akda?). Dalawang bagay ang importanteng sagutin. Una, saan bang mga elemento ng mga anyo ng diskors (paglalahad/pagsasalaysay) makikilala ang estilo ng manunulat? Ikalawa, papaano ba nagiging sangkap sa isang akda ang isang katangi-tanging estilo? Ganito ang karaniwang depenisyon ng estilo: ang klase ng lengguwahe ng awtor/tagapagsalaysay at kung

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

paano niya ginamit ito sa kanyang akda. Kung gayon, simple, komplex, tambalan o langkapan ba ang kanyang pananalita sa kanyang akda?

Ano nga ba ang himig ng pagkakasulat niya ng akda? Mabagal ba, rumaragasa o payapang dumadaloy ang kanyang pagsasalaysay? Formal, informal, kolokyal, bulgar ba ang kanyang pagsasalaysay/paglalahad? (Abueg, 2005).

Ayon kay Shaughnessy (n.d.) dapat mahusay ang guro sa pagganyak sa kanyang mag-aaral na magsulat upang madebelop ang kanilang kasanayan sa pagsulat. Kinakailangang ipaliwanag sa kanila na dapat nilang paglabanan ang kaisipan na mahirap ang magsulat at sa halip sabihin sa kanila na kaya nila ang ganitong gawain. Maaari ring bigyan sila ng oportunidad na makapagtanong hinggil sa patakaran ng lenggwahe at kung mabihasa sila rito magiging madali para sa kanila ang pagbuo ng pangungusap. Kung ang kaisipang ito ay maitatanim sa isipan ng mga mag-aaral, matututo silang magsulat. Madedebelop and kanilang kasanayang mag-isip at makatutulong ito upang matuklasan ang sagot sa tanong nila kung bakit sila nahihirapang magsulat. Makatutulong din ito upang malaman ng guro kung sila ay naging epektibong guro (http://www.bsu.edu/english/writingprogram).

**Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo**

Sa pagtuturo, ayon kay Adeyanju (2003), mahalaga ang visual aids sa lubusang pagkatuto ng mga bata.Para sa kanya, ang mga pantulong sa pagpapatuto ay mga kagamitang instruksyunal at paraan kung saan ang pagtuturo at pagkatuto ay ginagawa sa paaralan.

Ayon naman kina Ruedas at Abad (2001), ang mga kagamitang pampagtuturo ay anumang karanasan o bagay na ginagamit ng guro bilang pantulong sa paghahatid ng mga katotohanan, kasanayan, saloobin, kaalaman, palagay, pang –unawa at pagpapahalaga sa mga mag –aaral upang lalong maging kongkreto, tunay, daynamik, at ganap ang pagkatuto. Hindi sapat na may magagamit na kagamitang pampagtuturo ang isang guro kundi kailangang alam niyang gamitin ang mga ito at alam niya kung kailan gagamitin ang mga ito.

Idinagdag pa niyang ang mga kagamitang pampagtuturo ay nagbibigay ng kongkretong pundasyon sa pagkatuto na nagbubunga ng wastong gawi sa pag –aaral; nakagaganyak sa kawilihan ng mga mag –aaral, nagbibigay ng mga tunay at iba –ibang kalagayan upang mapasigla ang pansariling gawain ng mga mag –aaral; nag –aambag ito ng iba –ibang karanasan tungo sa pagkakamit ng kasanayan at pagkakaroon ng patuloy na interes sa pag –aaral; nagdudulot ito ng mabisa, kawili –wili , madali at magaang pagtuturo at pagkatuto.

Ang mga kagamitan sa pagtuturo ayon kay Liwanag (1995), ay isa sa mga faktor sa mabisang pagkatuto ng mga estudyante. Ang mga paghahanda ng mga kagamitan sa pagtuturo ay nasasalig sa iba't ibang batayan sa pananaw na sosyo – kultural. Sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo dapat isaalang –alang ang mga gamit nito, ang objektiv, panahon at istilo ng mga wikang gagamitin na naaayon sa kahalagahan ng mga taong nag –uusap at sa hinihingi ng pagkakataon. Ang ikalawa ay ang pananaw na pangkaisipan, ang pagbibigay – pansin sa pagkakaiba ng estudyante sa paraan ng pagkatuto. Ang ikatlo ay ang yumanistik na perspektiba. Ang objektiv nito ay ang lubusang malinang ang buong katauhan ng mga mag –aaral.

Sa pag-aaral ni Danielson (2000) tungkol sa pagpapabuti ng sulatin ng mag-aaral kanyang napag-alaman ang mga sumusunod:Una, ang isang maunlad na sulatin ay makakapag-ambag sa paglago ng kaalaman ng mga sumusulat; pangalawa, ang paggamit ng ekspresibong paraan ng pagsulat ay makahahasa ng kaisipan at makauunawa ng dapat na ilaman sa mga sulatin; at panhuli, ang pagsusulat ay makatutulong upang mapaunlad ang kaalaman ng mga mag-aaral sa lahat ng asignatura sa pamamagitan ng paggamit iba't ibang bokabularyo sa kanilang sulatin.

Ang pag-aaral ni Dannielson ( 2000) ay nauugnay sa kasalukuyang pag –aaral sapagkat ang nakaraan at ang kasalukuyang mananaliksik ay kapwa nagnanais na magkaroon ng isang produktibong sulatin ang mga mag –aaral. Gayunman, may pagkakaiba pa rin ang nakaraang pananaliksik sa kasalukuyan sapagkat ang nakaraan ay nakapokus sa kahalagahan ng pagsulat samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa karaniwang kamalian sa pagsulat.

Sa pag-aanalisa ni Patricia Murrow (2007) sa mga sulatin ng mga mag-aaral, kanyang napag-alaman na ang karaniwang mali nila ay ang mga bahagi ng salita tulad ng pang-uri at pang-abay. Ang gamit ng pandiwa ay isa din sa mga nagiging problema.

Napansin din sa pag-aaral ang limitadong pagtuturo ng gramar kung kaya't kanyang iminungkahi na dapat paunlarin ang kurikulum na ginagamit ng mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kaalaman sa balarila.

Ang pag-aaral na ito ni Murrow (2007) ay may pagkakaugnay sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat pareho ang kanilang mithiin, ang malaman ang karaniwang mali ng mga mag-aaral sa paggawa ng sulatin. Nagkakaiba nga lamang ang dalawang pananaliksik sa respondenteng ginamit.

Muli, sa pag-aaral ni Fisk (2007) kanyang napag-alaman ang mga sumusunod: Una, kinakailangan lagyan ng pananda ang mga mali ng mag-aaral sa mga ginawa nilang sulatin upang malaman nila kung alin o saan dapat silang hasain. Pangalawa, tulad ng gramar, ang karaniwang kamalian ng mag-aaral ay sa bahagi ng paksa, pandiwa, sa paggamit ng tenses, pagbaybay. Pangatlo, may mga mali na nakakabagabag sa mga bumabasa katulad ng paggamit ng komma sa pagdudugtong ng pangungusap. Pang-apat ang isa pang matuturing na pinagmumulan ng kamalian sa isang sulatin ay ang kahirapan na maunawaan ang material. Panghuli at panglima, sa kahirapang umunawa ng kontent, karaniwang nagiging dahilan upang magkamali sa gramar at estilo na dapat ay hindi sana.

Sa pag-aaral naman ni Ynota (1996) kanyang natuklasan na karaniwang kamalian ng mga mag-aaral na nasa unang taon Sangay ng Samar ay ang pagbabaybay, gamit ng malaking titik, at pagkilala ng pangngalang pambalana at pantangi.Natuklasan din niya na may malaking pagkakaiba ang mga kamaliang nagawa ng mga mag-aaral sa una at ikalawang markahan dahil sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa pagsulat sa Filipino. Nalaman niyang ang malaking suliranin ng mga mag-aaral sa pagsulat ay ang paggamit ng mga bantas at pananda, kataga/salita batay sa kawalan ng pag-unlad nila sa larangang ito mula sa una patungo sa pangalawang markahan. Gayundin natuklasan niyang ang pinakamahalagang salik na nakapagpabagal sa takbo ng pag-unawa ng mga aralin sa Filipino ay ang kadahupan sa aklat at iba pang sangguniang nararapat gamitin upang lalong umunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino. Pangalawa lamang dito ang paraan at pamamaraan ng pagtuturo ng guro.

Ang pag-aaral ni Ynota (1996) ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagka't pareho silang nakatutok sa suliranin ng mga mag-aaral sa pagsusulat. Gayundin, pareho sila ng layunin na alamin

kung ano ang karaniwang nagiging kamalian ng mga estudyante sa pagsusulat. Nagkakaiba sila sa dahilang mga mag-aaral sa unang taon sa Mataas na Paaralan sa Samar ang respondente ni Ynota samantalang mag–aaral sa unang taon sa antas tersyarya ang kalahok sa pag–aaral ng sa kasalukuyan.

Batay sa pagsusuri ni Bayani ( 1985), kanyang natuklasan na ang karamihan ng kamalian ng mga mag-aaral sa kanilang sulatin ay ang gamit ng malaki at maliit na titik; pagpapalugit at indensyon; gamit ng bantas na tuldok, gitling, kuwit, tandang pananong at iba pa;, gamit ng pang-angkop;, pagbubuo at pag-uugnay ng mga pangungusap;, paghahati ng salita; at pagbabaybay ng bahagi ng panalita tulad ng pangngalan, pandiwa at pang-uri. Nalaman niyang sa kamalian sa wastong gamit, ang pinakamaraming mali ay sa paggamit ng kung sa halip na kong, ng sa halip na nang at ang pinakakaunti ay ang gamit ng si at sina sa dahilang alam ng mga mag-aaral ang panandang ito. Pinatunayan din ng pag-aaral na madalas magkamali ang mga lalaki kaysa sa mga babae. Napatunayan din niya na sa pagsulat, mahalaga ang mga karanasang natutuhan sa pakikinig, pagsasalita at pagbabasa ng mga aklat, mga kuwento at iba pang mga babasahin. Ang pagsusuri sa binabasa ay pinakamahalaga sapagkat malalaman ang mga sangkap ng pagsulat tulad ng gamit ng malaking titik, pagbabaybay ng salita, paraan ng paghahati ng salita, paggamit ng wastong bantas sa pangungusap, paglalaan ng katamtamang palugit at indensyon sa papel, at ang pag-uugnay ngmga pangungusap upang magbigay ng malinaw na diwa ng paksa. Ang mga bahagi ng panalita ay malaking tulong upang lumawak ang talasalitaang magagamit sa pagsulat ng sulatin.

Ang nabanggit na pag-aaral ay may kaugnayan sapagkat ang mga baryabol na ginamit ay siya ring titingnan at susuriin sa kasalukuyang pag-aaral.Nagkakaiba lamang sila sa respondenteng ginamit sa pag–aaral.

Sa pananaliksik na isinagawa ni Manansala (1999),natuklasan na bukod sa kasanayan sa pagbuo ng tamang anyo ng pangungusap, ang angkop at tamang pagpili ng salita ay isa rin sa mga saligan ng malinaw na pagpapahayag. Tumutulong sa pag–unawa ng mga guro at estudyante ng wika ang mga anyong panglinggwistik ng mga katangian ng wikang pinag–aaralan, tulad ng ortograpiya, morpolohiya, leksikon at sintaks. Ang pag-unlad ng wika, samakatwid, ay nasa paggamit nito.

Pagkatapos ng mga natuklasan ni Manansala, sinabi niyang kailangan ng mga estudyante ng set ng hakbangin/gawain na makapagpapahusay sa gagawin nilang pakikipagtalastasan. Ayon pa rin sa kanya, bukod sa mga pangangailangang panglinggwistik, kailangan pa rin ang mga estratehiyang pangkomunikasyon. Isang karagdagang pangangailangan pa rin ang mga araling may kaugnayan sa kodigong panggramar at mga gawaing may kaugnayan sa interaksyong pangkomunikatibo. Upang magkaroon ng katuparan ang mga nabanggit, isang instrumento ang kakailanganing ihanda at buuin–ang mga instruksyunal materials o mga teaching aid. Iminungkahi niya sa mga guro ang pagbuo ng mga instuksyunal materials tulad ng pagbuo ng mga modyul na naglalaman o bahagi ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag– paglalarawan, paglalahad, pagsasalaysay at pangangatwiran. Ang mga modyul ay dapat lapatan ng mga natatanging disenyo na kapapalooban ng mga gawain o pagsasanay na lilinang sa iskils na pangwika.

Nauugnay sa kasalukuyang pag–aaral ang kay Manansala sapagkat kapwa sila nagsusuri sa pasulat na Filipino. Nagkakapareho pa sila sa kanilang mga layunin - ang paglinang sa pasulat na Filipino at ang pagbuo ng isang instruksyunal materyals tulad ng modyul. Gayunman, nagkakaiba sila sa fokus ng pag–aaral. Samantalang gramatikal na analisis ng pasulat na Filipino at limang katutubong wika ng mga estudyante ang fokus ng naunang pananaliksik, pagsusuri sa karaniwang kamalian sa mga sulating pangkolehiyo naman ang sa kasalukuyang pananaliksik

Sa pananaliksik na isinagawa ni Astorga (1999) hinggil sa isang mungkahing kagamitang panturo sa Filipino 1 Sining ng Pakikipagtalastasan, natuklasan niyang isa sa mga suliranin sa pagtuturo ng Filipino 1 ay ang kakulangan ng mga aklat na tutugon sa silabus na galing sa kagawaran ng Filipino. Nalaman din niyang kulang sa pagkakataon ang mga mag –aaral para makapagsaliksik sa mga silid –akalatan dahil sa kalayuan ng mga ito sa lugar na pinapasukan. Natuklasan pa ring ang inihanda niyang kagamitang panturo ay naging lubhang kasiya – siya ayon sa itinakdang ebalwasyon sa layunin, saklaw, pamamaraan ng pagtuturo at pagkakaayos. Sa gayon, naging kongklusyon niya na makabuluhang kagamitang panturo ang inihanda niyang kagamitan. Angkop sa kakayahan at pang –unawa ng mga mag –aaral ang mga aralin at malaki ang maitutulong nito sa mga guro at mag –aaral. Ilan sa mga naging rekomendasyon ng mananaliksik ang bigyan ng panahon ang mga mag –aaral na sumulat batay sa isyung napagkakasunduan, magbigay ng maraming pasalita at pasulat na pagsasanay upang malinang sa mga mag –aaral ang kanilang kakayahang magsalita at sumulat nang mahusay at sa tagapangasiwa itinagubilin niyang akitin ang mga instruktor na magtakda ng sariling kagamitang panturo sa mga asignaturang walang sapat na magagamit.

Ang kanyang pag –aaral ay nauugnay sa kasalukuyang pag –aaral sapagkat parehong nasa antas tersyarya ang mga ginamit nilang kalahok sa pag –aaral.Nagkakaugnay pa rin sapagkat kapwa sila nagnanais na makabuo ng isang kagamitang panturo na magagamit sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Gayunman, ang naunang pananaliksik ay naiiba pa rin sa kasalukuyan sapagkat nakafokus sa pagtuturo ng asignaturang Filipino 1 ang mungkahing kagamitang panturo na mabubuo sa kanyang pag –aaral samantalang gagamitin naman sa pagtuturo ng asignaturang Filipino 2 at nakafokus sa pagsulat ang bubuuing pantulong na aralin ng sa kasalukuyang mananaliksik.

Sa pag–aaral namang isinagawa ni Colocar (2002), kanyang natuklasan na ang paggamit ng napapanahong kagamitan para sa pagtuturo ay isang mabisang paraan para sa isang maayos, mahusay at kapaki- pakinabang na pagtuturo sa mga mag–aaral. Nakasalalay ang pagtatamo ng isang mahusay na edukasyon sa uri at kalidad na ginagamit na kagamitan sa pagtuturo. Natuklasan din ni Colocar (2002) na ang mataas na kakayahang pagtanggap ng mga mag–aaral sa mga aralin ay hindi lamang nakasalalay sa isang mabuting guro kundi sa pagkakaroon ng modyul na naglalaman ng isang maayos na pagkakahanay ng mga hakbang sa pagtuturo at pagkatuto. Hindi maitatanggi na ang isang magaling at mabuting guro ay kinakailangang marunong gumamit at bumuo ng mga kagamitan tungo sa mabisang pag-aaral at pagkatuto ng mga mag –aaral.

Ang pag–aaral ni Colocar ay nauugnay sa kasalukuyang pag –aaral sapagkat kapwa sila nagnanais na makabuo ng isang instrumento sa pagtuturo na magagamit sa paglinang sa kasanayan at kaalaman ng mga mag–aaral.

Naiiba lamang ang nabanggit na pag–aaral sa kasalukuyang pag–aaral sapagkat nakafokus ito sa pagtuturo ng Araling Makabayan samantalang sa paglinang ng kasanayang pagsulat naman ang sa kasalukuyang pananaliksik. Nagkakaiba pa rin sila sa ginamit na respondente, mga mag–aaral sa unang antas sa sekundarya ang respondente ni Colocar, samantalang mga mag–aaral sa unang taon sa kolehiyo naman ang kalahok sa kasalukuyang pananaliksik.

Ang pag –aaral ni Jimenez (1998), ay isinagawa upang mailahad ang mga modyul sa pagtuturo ng Filipino sa ikaanim na baitang sa paaralang elementarya sa Distrito ng Lingayen I at II. Natuklasan niyang katangi – tangi ang mga katangian ng mga guro sa mga kagamitang modyul sa pagtuturo.Lumabas din sa kanyang pag –aaral na epektibo ang mga estratehiya ng mga guro sa mga kagamitang modyul sa pagtuturo

ng Filipino. Isa sa kanyang mga rekomendasyon ay ang pagbibigay – pansin sa mga kagamitang modyul na ginagamit ng mga guro sa ikaanim na baitang.

Nauugnay ang pag –aaral na ito ni Jimenez sa kasalukuyang pag –aaral sapagkat kapwa nauukol sa mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino ang kanilang mga pag –aaral. Nagkakaiba lamang sila sa ginamit na mga kalahok. Mga guro ang kalahok sa pag –aaral ni Jimenez samantalang mga mag –aaral ng Filipino 102 naman ang sa kasalukuyang pananaliksik. Nagkakaiba pa rin sa pinaglalaanan ng kagamitang pampagtuturo, samantalang mga mag –aaral sa ikaanim na baitang ang gagamit ng modyul ng nakaraang mananaliksik, mga mag –aaral naman sa unang taon , antas tersyarya ang makikinabang sa kasalukuyang pananaliksik.

**Sintesis**

Ang mga literaturang ginamit ay mahalaga sa pag-aaral na ito sapagkat ito ay tumatalakay sa mga baryabol na nabanggit sa balangkas konseptwal. Ang mga Ito ay nagsisilbing batayan na ginamit sa pagtalakay sa resulta ng mga datos na nakuha.

Samantala, ang mga kaugnay na pag-aaral naman ay nagbigay - direksyon sa pagtalakay sa kahulugan ng mga datos.

Binanggit ni Badayos ang gamit ng wika sa pakikipagtalastasan. Tinalakay naman nina Xin at Jing , Keller, Clifford( Belvez et.al.), Peter Elbow ( La Chica 1998),Saymo, Myles, Gloria Fisk at Murrow ang papel ng gramatika, istruktura at mekanismo sa wasto at mabisang pagsulat. Inilahad naman nina Adeyanju, Liwanag, at Rueda at Abad ang papel sa pagkatuto ng mga kagamitang pampagtuturo, ang mga halimbawa at ang mga dapat isaalang – alang sa paghahanda ng mga ito.

Ang mga pag–aaral na isinagawa nina Fisk, Murrow, Bayani at Ynota ay pawang nahihinggil sa pagtuklas sa mga kamalian ng mga mag–aaral sa pagsulat. Tinalakay din nila ang mga posibleng dahilan ng kahinaan sa pagsulat ng mga mag–aaral.Inilahad naman ni Dannielson ang pagpapabuti sa pagsulat.

Ganito rin ang tema ng kasalukuyang pananaliksik, ang pagsusuri sa karaniwang kamalian ng mga mag–aaral sa mga sulating pangkolehiyo at kung paano malilinang ang pagsulat.

Samantala, ang pag–aaral ni Manansala ay nakafokus sa gramatikal na pag–aanalisa sa pasulat na Filipino. Ganito rin ang naging fokus ng pag–aaral ng kasalukuyang pananaliksik.

Ang pagbuo ng mungkahing modyul na gagamitin sa pagtuturo ng Araling Makabayan at ng Filipino bilang awtput ng pag–aaral ang siyang naging malaking kaugnayan ng pananaliksik na isinagawa nina Colocar, Astorga at Jimenez sa kasalukuyang pananaliksik. Ang mg nabanggit na mananaliksik at ang kasalukuyan ay pare- parehong may hangaring linangin ang kasanayan ng mga mag–aaral sa tulong ng instruksyunal materyal na produkto ng kanilang pananaliksik.

Sa pangkalahatan, naiiba ang kasalukuyang pananaliksik sa mga nabanggit na pananaliksik sapagkat ang mga ito ay pawang nakafokus lamang sa pag–alam sa karaniwang kamalian ng mga mag–aaral sa pagsulat. Pagbuo sa pantulong na aralin sa paglinang sa kasanayan sa pagsulat pagkatapos masuri ang mga kamalian ang fokus ng sa kasalukuyang pananaliksik.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik at Paraan ng Pag-aaral

Ang deskriptiv na pananaliksik na gumagamit ng pamamaraang dokumentari analisis ang ginamit ng mananaliksik sa kasalukuyang pag-aaral. Ito ang nakikitang angkop na pamamaraan sa pananaliksik na ito. Lahat ng magkakaugnay na datos ay inanalisa at inilarawan gamit ang istadistika.

Ayon kay Best at Kahn ( Acero et.al. 2006), ang pamamaraang deskriptiv ay dinisenyo para makalap ang mga impormasyon na kinakailangan sa kasalukuyang kundisyon o pangyayari. Ang pangunahing dahilan ng paggamit nito ay upang ilarawan ang umiiral na sitwasyon sa kasalukuyan at upang masiyasat ang mga bagay na di pangkaraniwan.

Ang proseso ng deskriptiv ay hindi lamang sa pagkuha ng datos at paghahanay nito kundi kailangang magbigay ng interpretasyon ng kahulugan o kahalagahan ng inilalarawan. Kung kaya't ang deskriptiv na pag-aaral ay sinasabing kumbinasyon ng paglalarawan at paghahambing, ng pagkakatulad at pagkakaiba, ng klasipikasyon, interpretasyon at ebalwasyon.

Ang mga datos na nakalap ay tinalakay gamit ang palarawan na talakayan. Mula sa magiging resulta ng pag-aaral na ito ang mananaliksik ay bubuo ng isang pantulong na aralin sa Filipino 102 na lilinang sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag –aaral sa antas kolehiyo

### Kalahok sa Pag-aaral

Ang kalahok sa kasalukuyang pag-aaral ay binubuo ng limang daan at siyamnapu't dalawa (592) na mag-aaral ng Mindoro State College of Agriculture and Technology (MINSCAT). Mga mag –aaral na nasa unang taon sa kolehiyo mula sa iba't ibang kurso at kumukuha ng Filipino 102 – Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik lamang ang kalahok sa pag –aaral na ito. Ang paraang ginamit sa pagpili ng bilang ng kalahok sa kasalukuyang pag-aaral ay ang purposive sampling. Sa paraang ito lahat ng mag-aaral sa unang taon sa kolehiyo ng MinSCAT mula sa iba't ibang kurso na kumukuha ng Filipino 102 ang naging kalahok sa pag-aaral.

### Instrumento sa Pagkuha ng Datos

Ang ginamit na instrumento sa pagkuha ng datos sa pananaliksik ay ang sulating ginawa ng mga estudyanteng napiling kalahok sa pag-aaral na ito. Gumamit din ang mananaliksik ng tally sheet sa pagtatala ng mga kamaliang nakita at sinuri mula sa sulatin ng mga mag–aaral.

Naging gabay ng mananaliksik sa pagsusuri ng kamalian sa pagsulat ang aklat sa balarila ni Alfonso Santiago. Ginamit din niya ang silabus sa Filipino 102 na ginagamit niya sa pagtuturo sa kolehiyo. Ito ang siyang naging patnubay ng mananaliksik sa pagbuo ng pantulong na aralin na siyang awtput ng pag –aaral. Ang mga paksa sa pantulong na aralin ay ibinatay sa silabus na ginagamit sa pagtuturo. Nakasanib sa mga sulating binuo ang mga natuklasan sa pag –aaral.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

**Pagkuha ng Datos**

Sa pagkuha ng datos, ang mga sumusunod ang ginawa ng mananaliksik: una gumawa siya ng liham sa tagapamahala ng dalubhasaan upang ipagpaalam at makahingi ng permiso sa kanyang gagawing pag-aaral. Nang payagan ang mananaliksik, saka niya pinangasiwaan ang pagbibigay ng mga sulatin sa mga mag-aaral na kumukuha ng Filipino 102 – Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik.

Hinikayat ng mananaliksik ang mga mag-aaral upang sumulat. Sa simula, hiningi ng guro ang mga mungkahi sa paksang nais nilang sulatin. Itinala ng mananaliksik ang mungkahing paksa sa pisara. Pagkatapos noon ay pinapili ng mananaliksik ng isang paksa para sa sulatin ng buong klase. Nang napagpasyahan na ng mga mag-aaral ang magiging paksa, pinagawa sila ng balangkas. Ito ay hinati sa tatlong bahagi: panimula, katawan at wakas. Ibinigay ng mananaliksik ang iba't ibang epektibong panimula gayundin ang iba't ibang paraan ng pagwawakas sa isang sulatin. Matapos noon ay sinimulan na ng buong klase ang pagsulat. Ang diskursong ipinagawa ay ang paglalahad. Ang bawat komposisyon ay binuo ng tatlong daang salita sa loob ng isang oras.

Ang mga sulatin ay kinalap at isa-isang sinuri upang makita ang karaniwang nagiging kamalian ng mga mag-aaral. Ang bawat mali ay itinala sa tally sheet hanggang sa matapos ang sulatin. Pagkatapos na maitala sa kanya–kanyang kolum sa tally sheet ang mga kamalian, ginawan ito ng mananaliksik ng talahanayan batay sa gramar, istruktura at mekanismo. Gamit ang frekwensi at bahagdan, kinuha ng mananaliksik ang bilang ng pagkakamali ng mga mag–aaral, ang bilang ng mga nagkamali at ang bahagdan ng mga nagkamaling mag –aaral. Kinuha rin niya ang pagkakaiba ng antas ng kahusayan ng mga mag–aaral batay sa naitalang kamalian sa gramar, istruktura at mekanismo. Nang nakuha na lahat ang kailangang datos, saka ito ginawan ng paglalarawan, interpretasyon at implikasyon. Pagkatapos makita ang kinalabasan ng pag-aaral, bumuo ang mananaliksik ng pantulong na aralin sa paglinang sa kasanayan sa pagsulat ng iba't ibang sulatin sa antas kolehiyo kung saan ay isinanib ang natuklasang kamalian ng mga mag –aaral sa pagsulat.

Ang mga pantulong na aralin ay sinaliksik sa internet at sa iba't ibang aklat sa Filipino. Ang mga babasahin ay hinalaw mula sa aklat. Samantang ang mga informasyong nagmula sa internet na nasusulat sa wikang Ingles ay isinalin sa wikang Filipino upang higit na maging matibay sa isipan ng mga mag –aaral ang aralin sa pagsulat.

**Kagamitang Pang-istadistika**

Sa dahilang ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong uri ng pag-aaral, ang estadistikang ginamit rito ay ang deskriptiv o ang palarawan na estadistika gamit ang frekwensi at bahagdan. Sinuri kung ano ang karaniwang nagiging mali ng mga mag-aaral sa kanilang mga sulatin gayundin ang antas ng kanilang kamalian. Inalam din kung paano nagkakaiba ang antas ng kahusayan ng mga mag–aaral batay sa naitalang kamalian sa gramar, istruktura at mekanismo

## PAGLALAHAD, PAG–AANALISA, AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS

Tinatalakay sa kabanatang ito ang mga datos tungkol sa mga karaniwang kamalian ng mga mag–aaral ng Mindoro State College of Agriculture and Technology ( MinSCAT) sa mga sulating–pangkolehiyo batay sa gramar, istruktura at mekanismo. Kabilang sa mga datos ang pag –alam sa frekwensi ng kamalian sa mga sulating pangkolehiyo ng mga mag-aaral ng MinSCAT.

Bahagi pa rin ng pananaliksik na ito ang pagbuo ng mga pantulong na aralin sa paglinang ng mga kasanayan sa pagsulat ng mga mag –aaral sa kolehiyo. Nakasanib sa mga ito ang wastong gamit ng gramar, istruktura at mekanismo sa pagsulat.

### 1. Karaniwang Kamaliang Nakita sa Sulatin

Inalam sa pag –aaral na ito ang karaniwang kamalian sa mga sulatin ng mga mag –aaral sa kolehiyo batay sa gramar, istruktura at mekanismo.

#### 1.1. Gramar

##### 1.1.1. Panandang Morpopolohiko

Makikita sa Talahanayan 1 ang karaniwang kamaliang nakita sa mga sulatin ng mga mag –aaral sa kolehiyo ayon sa gramar batay sa panandang morpopolohiko: pang–angkop, pangatnig, panlapi, pananda, at pang–ukol. Ipinakikita rito ang bilang ng pagkakamali ng mga mag–aaral sa bawat aspeto, ang bilang ng mga nagkamali at ang bahagdan nito at ang pagpapakahulugan dito.

Talahanayan Bilang 1
Kamalian ng mga Mag-aaral ng MinSCAT sa Gramar
Batay sa mga Panandang Morpopolohiko

| **Blg ng Pagkaka mali** | **Pang-angkop** | | **Pangatnig** | | **Panlapi** | | **Pananda** | | **Pang-ukol** | | **Pagpapa-kahulugan** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Blg* | % | Blg | % | Blg* | % | Blg* | % | Blg* | % | |
| 4 | 1 | .16 | 1 | .16 | 0 | 0 | 2 | .30 | 0 | 0 | Pinakamahina |
| 3 | 6 | 1.01 | 7 | 1.18 | 2 | .33 | 0 | 0 | 1 | .16 | Mahina |
| 2 | 21 | 3.55 | 48 | 8.11 | 16 | 2.70 | 6 | 1.01 | 14 | 2.36 | Katamtaman |
| 1 | 116 | 19.6<br>0 | 226 | 38.1<br>8 | 164 | 27.7<br>0 | 88 | 14.8<br>7 | 118 | 19.94 | Mahusay |
| 0 | 448 | 75.6<br>8 | 310 | 52.3<br>7 | 410 | 69.2<br>7 | 496 | 83.7<br>8 | 459 | 77.54 | Pinakama-husay |
| **Kabuuan** | **592** | **100** | **592** | **100** | **592** | **100** | **592** | **100** | **592** | **100** | |

*Bilang ng nagkamali

Makikita sa talahanayan na sa 592 mag–aaral ng MinSCAT, 448 o 75.68 % nito ay walang naitalang pagkakamali sa paggamit ng pang–angkop, 116 o 19.60% ang minsan lamang nagkamali, 21 o 3.55 % na mag –aaral naman ang dalawang beses nagkamali sa paggamit ng pang–angkop, Tatlong beses nagkamali ang 6 o 1.01 % na mag–aaral. Samantala, 1 o 16% na mag–aaral ang apat na beses na nagkamali sa paggamit ng pang–angkop. Sa pangatnig, 310 o 52.37 % sa kabuuang bilang ng mag–aaral ang naitang hindi nagkamali sa gamit ng pangatnig, 226 na mag–aaral o 38.18% ang minsan lamang nagkamali, 48 o 8.11% naman ang makalawang beses nagkamali may 7 o 1.18% na mag–aaral ang tatlong beses nagkamali at may isa o .16 % lamang ang apat na beses na nagkamali. Pagdating sa panlapi, makikita sa talahanayan na sa limandaan siyamnapu't dalawa (592) mag-aaral, 410 o 69.27% ang hindi nagkamali sa gamit nito, 164 o 27.70% ang nagkamali minsan, 16 o 2.70% ang makalawang beses nagkamali, samantalang may 2 o .33 % naman ang tatlong beses nagkamali. Walang naitalang nagkamali nang apat na beses. Sa pananda, may 496 bilang ng mag –aaral o 83.78 % na walang mali sa paggamit nito, 88 o 14.87 % ang naitalang nagkamali ng isang beses , 6 o 1.01 ang dalawang beses naitalang nagkamali, may 2 o .30 % na nagkamali nang apat na beses, samantalang walang naitala na tatlong beses na nagkamali. Makikita pa rin sa talahanayan na sa 592 mag–aaral, 459 o 77.54% nito ay hindi nagkamali sa paggamit ng pang–ukol, 118 o 19.94 % naman ang minsan lang nagkamali sa paggamit ng pang–ukol, 14 o 2.36 % ay makalawang beses nagkamali samantalang 1 lamang o .16% ang naitalang tatlong beses nagkamali. Wala namang naitalang nagkamali nang apat na beses.

Ang pigura ay nagsasaad na sa mga panandang morpopolohiko, nangunguna ang pangatnig sa may pinakamaraming kamaliang naitala. Nangangahulugan ito samakatwid, na mahina ang mga mag–aaral sa paggamit ng pangatnig sa kanilang mga sulatin. Sa mga pangatnig na malimit pagkamalian ng paggamit ay nangunguna ang gamit ng ***nang***, ***at, na, o, upang***, ***habang*** , ***datapwat*** , ***sapagkat*** at ang ***dahil.*** Sumusunod dito ay ang panlapi na naitalang may 182 mag –aaral na nagkamali. Sa mga panlapi, madalas maging kamalian ng mga mag –aaral ang gamit ng ***ma, in, an- han, pagka*** at ***mag***. Nagiging kamalian din ng mga mag –aaral ang pagkawala ng panlapi at paggamit ng ***nag*** sa halip na ***mag.*** Ikatlo ay ang pang –angkop na nakapagtala ng 144 bilang ng mga mag –aaral na nagkamali sa paggamit nito. Kamalian ng mga mag–aaral sa pang–angkop ang pagkawala ng pang–angkop na ***–g*** o kaya ay ***–ng***. kadalasan, naman ay naglalagay sila ng –g o –ng kahit hindi kailangan na nagiging sanhi rin ng kamalian. Sumunod ay ang pang – ukol na may 133 kabuuang bilang ng mga mag–aaral na nagkamali. Maling gamit ng ***sa*** at ***ng*** ang natuklasang karaniwang kamalian sa pang–ukol ng mga mag–aaral. At ang panghuli , at pinakakaunti ang nagkamali ay ang pananda na mayroon lamang 96 na pagkakamali. Sa mga pananda ang malimit maging kamalian ay ang paggamit ng pangmaramihang ***ang mga*** sa pang-isahang ***ang***, at paggamit ng ***ang*** sa halip na ***sa.*** Nangangahulugan lamang na may kahusayan ang mga mag–aaral ng MinSCAT sa paggamit ng pananda Maaaring isiping lubhang naging maingat ang malaking bahagdan ng mag–aaral sa paggamit ng pananda kaya't kakaunti sa kanila ang nagkamali sa paggamit nito, sa kabilang banda, maaari namang hindi naging gayong kaingat ang mga nagkamali sa paggamit ng pangatnig kung kaya't maraming naitalang nagkamali sa paggamit nito. Maaaring sa pagnanais nilang maisumite nang mas maaga ang kanilang sulatin ay hindi na nila nirebyu ang kanilang sinulat na isa sa mga proseso upang maging makinis ang sulatin o komposisyon.

Makikita sa sumusunod na mga pangungusap ang kamalian ng mga mag –aaral sa paggamit ng mga panandang morpopolohiko. Ang pagkakasunud– sunod ay iniayon sa naitalang dami ng pagkakamali.

**1.1.1.1. Pang-angkop**

Ang pang–angkop, bagaman maituturing na isang ponema ay natuklasang pangatlo sa malimit maging kamalian ng mga mag –aaral.

"Isa sa ***pinakamaganda*** **__** paaralan ang MinSCAT."

"Tinuturuan kami kung pano namin lalo ***pa*****__** pauunlarin aming mga sarili…"

Mapapansin ang pagkawala ng pang–angkop sa mga halimbawa, ito ang pangunahing dahilan ng kamalian ng mga respondente sa pagsulat. Sa pagkawala nito ay nawala rin ang ugnayan ng panuring at salitang tinuturingan. Ayon kay Santiago ( 2003), ang pang–angkop ay mga katagang nag–uugnay sa panuring at salitang tinuturingan. Ayon pa sa kanya, ito ay isang katagang nagpapaganda sa pariralang pinaggagamitan nito.

**1.1.1.2. Pangatnig**

" … sumunod kayo sa lahat ng patakaran ng MinSCAT, ***ng*** *sa ganun* gumanda ang ating pagpapalakad…"

Makikita na ***ng*** ang ginamit sa halip na ***nang***. Ito marahil ay sa dahilang nagkakaroon ng kalituhan ang mga mag–aaral hinggil sa wastong gamit ng ng at nang. Maaaring nawaglit sa kanilang isipan na magkaiba sila ng mga gamit. Ang ***nang*** ay ginagamit katapat ng upang o *so that* sa Ingles , nagsasaad ng dahilan o resulta sa sugnay na hindi makapag–iisa ,katulad ng paliwanag sa aklat na Gabay sa Editing sa Wikang Filipino na ipinalabas ng Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas–Diliman. Ginagamit din bilang pangatnig, at katagang kasama ng pariralang pangatnig, bilang pang–angkop para sa pang–abay o kaya'y bilang pang–ukol para sa mga salitang nagsasaad ng panahon. Samantalang bilang pananda ng aktor komplement ang isa sa mga gamit ng ***ng***. Ginagamit din bilang pang–ukol at katagang kasama ng pariralang pang–ukol. Samakatwid, mahalagang malaman ang pagkakaiba ng gamit ng ***ng*** at *nang* upang maiwasan ang mga pagkakamali sa sulatin.

" Pasalamatan ang mga guro natin, ***ng*** dahil sa kanila natututo tayo sa mga tama at maling gawain."

" Gagawin ko ang lahat upang mabawi ko ang kanilang pinaghirapan ***ng*** dahil sa akin."

Sa ibinigay na halimbawa ay makikita ang maling gamit ng ***ng*** , dapat sana'y ang pangatnig na ***nang*** ang ginamit sapagkat ayon sa Sentro ng Wikang Filipino – Diliman Unibersidad ng Pilipinas, sa aklat nitong Gabay Sa Editing sa Wikang Filipino, ginagamit ang **nang** bilang pangatnig kapag ito'y nagsasaad ng dahilan o resulta. Sa pangungusap ay malinaw na ibinigay ang dahilan subalit dala marahil ng kalituhan o maaaring kakulangan na rin sa kaalaman ang ***ng*** ang ginamit ng mag-aaral na naging dahilan ng kanyang kamalian.

Isa pa rin sa mga nakikitang kahirapan ay ang gamit ng pangatnig na ***at***. Ang pangatnig na **at** ay nag–uugnay ng mga salita , parirala at sugnay na magkatimbang o mga sugnay na kapwa makapag–iisa. Sa ilang sulatin ay mapapansing ginamit ang pangatnig na at sa mga yunit na di magkatimbang na naging

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

dahilan ng kanilang kamalian. Ito marahil ay sa dahilang hindi nabigyang –pansin ng mga mag–aaral kung magkatimbang ba o hindi ang mga yunit.

"Marami na akong naririnig sa labas na negatibong pananaw / komento tungkol sa unibersidad na ito pero di ko pinansin sa halip sinubukan ko na tuklasin kung ano ang meron ang MinSCAT na pwedeng ipagmalaki ***at*** wala ang ibang unibersidad."

"Hindi lang sa pakikihalubilo ***at*** pakikisalamuha sa kapwa namin estudyante kung hindi ***dahil*** na rin sa mga talento at magagaling na guro…"

"Paano ito mapapatunayan ***datapwa't*** kayraming disiplina at kabutihang asal an gating kinamulatan?"

"Sa MinSCAT nahuhubog ang mabuting asal at disiplina, ***sapagkat dahil*** na rin sa mga mabubuting guro na may disiplina at mabuting asal."

"Ang paaralan ay isa sa mga organisasyong may mahalagang ginagampanan ***upang*** hubugin ang pagkatao ng bawat kabataan…" (sa paghubog ng pagkatao)

"Ginamit ng MinSCAT ang mga guro ***na siyang*** tumulong…" (upang tumulong )

Ayon kay Tanawan ( 2003 ), kailangang maging maingat sa pagpili ng mga salitang gagamitin sa pagpapahayag sapagkat may mga salitang magkasing–anyo subalit may iba, tiyak at angkop na gamit.

Sa madaling sabi, kung matututunan ng mga mag –aaral ang tama at angkop na salita ang pagpapahayag ay magiging kaakit–akit.

**1.1.1.3.Panlapi**

Isa sa mga pagkakamali ng mga mag–aaral sa panlapi ay ang kawalan ng konsistensi sa gamit nito sa pangungusap. Bunga nito, nawawala ang kinis na kailangan sa pagpapahayag. Makikita sa halimbawa ang tinutukoy ng mananaliksik .

" Hinuhubog din nito ang pagiging masipag ng mga mag –aaral sapagkat may mga programa na kailangang ***mag***linis at ***pa****ganda****hin*** ang kapaligiran. " ( magpaganda ng kapaligiran )

Ang panlaping ***ma*** , tulad ng pagkakaalam ng marami ay bahagi na ng dayalekto ng mga Mindoreno. Kaya nga't sa biglaang pagsasalita at maging sa pagsulat ay malimit na may ***ma***.

" Ang una na dito ay ang pagpapaalaala sa mga estudyante na huwag ***ma***sali sa anumang organization tulad ng mga Fraternitis."

Bukod sa nabanggit na dahilan, ang paggamit ng panlapi kahit hindi kinakailangan ay isa pa rin sa nakikitang kahinaan ng mga mag–aaral. Tingnan ang pangungusap na ito:

" Ang MinSCAT ay ***nag****patuloy na humubog* sa akin upang maging epektibong mag –aaral. " ( patuloy na humuhubog )

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

" Binuo ito upang magkaroon ng mga kaalaman na makakatulong para sa ating bukas, upang magkaroon ng iba't ibang karanasan sa pakiki*pag*salamuha…"

#### 1.1.1.4. Pananda

Isa sa mga suliranin ng mga mag–aaral ay kung paano ito gagamitin nang wasto.

" Marami *ang mga* istudyante dito na maka- Dios." ( Ginamit ang *ang* sa halip na sa )

"*Itong* MinSCAT ay itinayo upang ang mag–aaral ay *marunong* (matutong) dumisiplina ng kanilang sarili." ( Ginamit ang itong sa halip na ang )

"hinuhubog din ng MinSCAT ***ng*** kalinisan at *kaayosan* at binibigyan ng magandang *idukasyon* ang mga estudyante."

Isa pa rin sa madalas maging sanhi ng kamalian ng mag–aaral ay ang maling gamit ng pangmaramihang panandang ***mga***

"Ito ang tumulong sakin upang mabago ko ang aking sarili at mapalawak pa ang aking kaalaman sa *mga* iba"t ibang asignatura …"

"Ang disiplina at ang mabuting asal ay pinapakita sa pamamagitan ng *mga* paggamit ng *mga* po at opo."

Ang mga nabanggit ay patunay pa rin na nangangailangang maituro sa mga mag–aaral ang batayan sa paggamit ng gramar lalong higit ang mga pananda, sapagkat ayon nga kay Patricia Murrow, ang batayan sa paggamit ng tamang gramar ay kinakailangang ituro sa mga mag–aaral.

#### 1.1.1.5. Pang–ukol

Sa mga pang–ukol, ang malimit nilang pagkamalian ng gamit ay ang ***sa*** at ***ng***. Ito marahil ay sa kadahilanang hindi nila lubos na nauunawaang ang sa ay nagpapakita ng kaugnayan ng layon sa pandiwa, gayundin ng kaugnayan ng tagaganap ng pandiwa sa pandiwa at ang kaugnayan ng panuring sa salitang tinuturingan katulad ng paliwanag nina Alfonso Santiago at Norma Tiangco sa aklat na Makabagong Balarilang Filipino.

"Maganda ang layunin ng MinSCAT *para sa* pagdidisiplina *ng* pag uugali ng mga mag–aaral."

Sa unang malas, tila walang mali sa nasabing pangungusap, subalit kung ating susuriin, hindi akma ang gamit ng pang–ukol na ***para sa*** sa pangungusap sapagkat ang ***para sa*** ay ginagamit kung ang kasunod na salita ang siyang makikinabang sa kilos na isinasaad ng pandiwa. Mas angkop kung *sa* lamang ang gagamiting pang–ukol sapagkat nagpapakita ito ng kaugnayan ng panuring sa salitang binibigyang–turing.

. Isa pa rin sa malimit maging sanhi ng pagkakamali ng mga mag–aaral ay ang gamit ng ***ng*** sa pangungusap. Karaniwan na napagbabaligtad nila ang gamit ng ***ng*** at ***sa.*** Isa pa ay ang gamit naman ng sa, na kadalasang naipapalit sa ***ang.***

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

" Ako, isang mag–aaral kailangan kong matuto at mahubog ***ng*** mabuting asal, na kung saan nagsisimula sa tahanan patungo sa paralan."( mahubog sa mabuting asal )

" Magagampanan pa kaya natin ang ating responsibilidad kung ***sa*** pansariling kaligayahan lamang ating iniisip…?" ( kung ang pansariling)

Paliwanag nina Belvez et. Al. (2001), karaniwang nagkakamali sa gamit ng "ng " at " ang " lalo pa ang mga hindi Tagalog. Kadalasan ay napagbabaligtad nila ang gamit ng mga ito.

### 1.1.2. Gamit ng Panghalip

Makikita sa Talahanayan 2 ang karaniwang kamaliang nakita sa sulatin ng mga mag –aaral sa kolehiyo sa gramar batay sa gamit ng panghalip. Inilalahad rin sa talahanayan 2 ang bilang ng pagkakamali ng mga mag–aaral sa paggamit ng panghalip sa kanilang sulatin, ang bilang ng mga mag–aaral na nagkamali , ang bahagdan ng nagkamali at ang verbal na interpretasyon dito.

Talahanayan Bilang 2
Kamalian ng mga Mag-aaral ng MinSCAT sa Gramar
Batay sa Gamit ng Panghalip

| **Blg. Ng Pagkakamali** | **Blg ng Nagkamali** | **Bahagdan** | **Pagpapakahulugan** |
|---|---|---|---|
| **4** | 1 | .16 | Pinakamahina |
| **3** | 5 | .84 | Mahina |
| **2** | 13 | 2.20 | Katamtaman |
| **1** | 99 | 16.73 | Mahusay |
| **0** | 474 | 80.07 | Pinakamahusay |
| **Kabuuan** | **592** | **100** | |

Ipinapakita sa talahanayan na sa 592 mag–aaral, apat na raan ,pitumpu't apat (474) o 80.07% ay hindi nagkamali sa paggamit ng panghalip kaya't nagkamit ng paglalarawang pinakamahusay. Siyamnapu at siyam (99) o 16.73 % ang nasa pagpapakahulugang mahusay sa pagkakaroon ng isang mali sa paggamit ng panghalip, labintatlo (13) o 2.20% ang nasa pagpapakahulugang katamtaman sanhi ng dalawang beses na pagkakamali, at lima (5) o .84 % ang inilarawang mahina sa tatlong beses na pagkakamali samantalang isa (1) o .16% ang nasa paglalarawang pinakamahina sanhi ng pagtatamo ng apat na beses na pagkakamali sa paggamit ng panghalip.

Batay sa talahanayan, nakahihigit ang bilang ng mga mag–aaral na marunong gumamit ng wastong panghalip. Ipinakikita lamang nito na maaari pa ring magkaroon ng lubos na pagkatuto sa gamit ng mga panghalip ang mga mag–aaral kung bibigyan sila ng ibayong pagsasanay tungkol dito . Makatutulong nang malaki sa mga guro kung aalamin nila kung saang aspeto ng panghalip malimit magkamali ang mga mag–aaral. Mula dito ay mailalapat nila ang angkop na estratehiya sa pagtuturo ng aralin.

Makikita sa sumusunod na pangungusap ang halimbawa ng maling gamit ng panghalip ng mga mag- aaral.

"Kaya ***ako*** ay gagawin ***ko*** ang lahat upang makamit ***ko*** ang disiplina…"

"Bilang estudyante, tutulong **ako** sa **ating** programa ng **ating** paaralan upang pangalagaan, suportahan at makisama ng tamang paraan."

Ang labis na gamit ng panghalip kadalasan ang nagiging sanhi ng kamalian ng mga mag–aaral. Ang kawalan ng konsistensi sa paggamit ng panghalip sa kanilang sulatin ay isa pa rin sa mga nakitang kamalian ng mga mag –aaral . Halimbawa ay ang mga pangungusap na:
"Ginagawa ito ng iskul hindi para sirain ang kinabukasan *naming* mag – aaral kundi para magkaroon t***ayo*** ng disiplina sa sarili."

"Iba talaga ang mga estudyante na may disiplina at mabuting asal dahil (*tayo*) ay pagkakatiwalaan ng ***ating*** kapwa, tutulungan kapag may problema ***ka.***"

"Upang makalayo sa isang bisyo ay tinuruan nila ***kami*** na mapalapit pa lalo sa *diyos* sa pamamagitan ng pagrorosaryo sa ***kanilang*** bahay."

Isa pa rin sa mga malimit maging kamalian ng mag–aaral sa panghalip, ay ang maling posisyon nito sa pangungusap tulad ng makikita sa pangungusap na ito:

"Ginagamit nila ang ***kanilang*** disiplina sa sarili na natutunan nila sa paaralang tinubuan."

Ang maling gamit din ng panghalip ay isa pa rin sa mga nakikitang pagkakamali ng mga mag–aaral. Halimbawa:

"Upang makalayo sa isang bisyo ay tinuruan nila kami na mapalapit pa lalo sa *diyos* sa pamamagitan ng pagrorosaryo sa ***kanilang*** bahay."

"Ipinagmamalaki ko na dito ***ito*** nag–aaral."

"Alam nating lahat na t***ayo*** ay matatalino may kanya – kanyang katangian, subalit ang iba sa ***atin*** ay hindi ***nila*** naipapakita "

***"Ito*** ang ating mga guro."

Isinasaad lamang ng datos na nakalap na kailangan pa ring talakayin sa klase ang hinggil sa panghalip kung nais ng guro na matuto ang mga mag –aaral na makabuo ng isang madulas na pagpapahayag .

### 1.1.3. Gamit ng Pang –abay

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng karaniwang kamalian ng mga mag –aaral sa gramar batay sa gamit ng pang –abay. Makikita sa talahanayan ang bilang ng pagkakamali sa paggamit ng pang- abay, ang bilang ng nagkamali, ang bahagdan ng nagkamali at ang verbal na interpretasyon o pagpapakahulugan sa kamalian sa paggamit ng pang–abay na natamo ng mga mag–aaral .

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Talahanayan Bilang 3
Kamalian ng mga Mag-aaral ng MinSCAT sa Gramar
Batay sa Gamit ng Pang-abay

| **Blg. Ng Pagkakamali** | **Blg ng Nagkamali** | **Bahagdan** | **Pagpapakahulugan** |
|---|---|---|---|
| **4** | 0 | 0 | Pinakamahina |
| **3** | 1 | .16 | Mahina |
| **2** | 2 | .33 | Katamtaman |
| **1** | 49 | 8.30 | Mahusay |
| **0** | 540 | 91.21 | Pinakamahusay |
| **Kabuuan** | **592** | **100** | |

Makikita pa rin sa talahanayan na sa limandaan siyam na raan at dalawa (592) mag–aaral, limandaan at apatnapu ( 540) ma–aaral o 91.21 % nito ay itinuturing na pinakamahusay dahilan sa hindi nagkamali kailanman sa paggamit ng pang–abay. May apatnapu't siyam (49) o 8.30 % ang nagkamaling minsan sa paggamit ng pang–abay at may pakahulugang mahusay. Dalawa (2) o .33 % ang makalawang beses na nagkamali at inilarawang katamtaman, samantalang isa (1) o .16 % ang nagkamali nang tatlong (3) beses sa paggamit nito, at may pakahulugang mahina .Walang (0) naitalang apat (4) na beses nagkamali kayat wala ring maituturing na pinakamahina sa paggamit ng pang–abay.

Ipinahihiwatig ng talahanayan na mas nakahihigit ang dami ng mga mag–aaral na nakagagamit nang wasto sa pang–abay kaysa sa mga mag–aaral na may problema sa paggamit nito. Gayundin, ang malaking bahagdan ng mga mag–aaral na walang pagkakamali sa gamit ng pang–abay ay indikasyon na maaari silang makagawa ng sulatin na ginagamitan ng wastong pang–abay. Kaugnay nito, ang mga sabjek na naitalang nagkamali ay maaari ring magkaroon ng lubos na kaalaman sa paggamit ng pang -abay kung bibigyan sila ng mga pagsasanay sa paggamit nito. Ganito ang isinasaad ng teoryang Connectionism ni Edward Thorndike . Ayon sa teoryang ito, ang kasanayan ay mahalagang aspeto upang maging ganap ang pagkatuto. Ang paulit – ulit na praktis o pagsasanay ay isang magandang paraan upang ang nais matutunan ay tumanim sa isipan. Samakatwid, kung bibigyan ng mga pagsasanay ang mga mag–aaral sa wastong gamit ng pang–abay, matatamo nila ang ganap na pagkatuto sa wastong paggamit nito.

Makikita sa ibaba ang ilan sa mga pagkakamaling nagawa ng mga mag –aaral kaugnay ng paggamit ng pang–abay.

"Ang MinSCAT ay isang paaralan na kung saan ay *dito* hinuhubog ang disiplina at mabuting asal ng mga mag–aaral."

"Ang MinSCAT ay isang paaralang may disiplina sa mga mag–aaral *dito.*

Ang maling posisyon ng pang–abay sa pangungusap ay magbibigay ng kalituhan sa mambabasa. Kaya't kinakailangang ilagay sa tamang posisyon ang pan g–abay .

Isa pa ring nakitang kamalian ng mga mag–aaral ay ang labis na pag -gamit ng pang–abay sa pangungusap.Tingnan ang halimbawa:

"***Dito*** lahat ng mga magulang na di kayang pag–aralin ang kanilang anak sa

Mataas na twisyon ay ***dito*** nila pinag–aaral sa paaralan ng MinSCAT."

ISSN:3116-4692

"Dahil ***dito*** sa MinSCAT pinasasalamatan namin ang mga nagagawa nito sa amin dahil ***dito*** marami na rin ang nakatapos ***dito*** sa MinSCAT."

Pansinining tatlong beses ginamit ang pang–abay na ***dito*** sa loob ng pangungusap na naging dahilan ng kamalian ng sumulat. Gayunman, ang nasabing pagkakamali ay minimal lamang kaya't hindi isang malaking balakid para ang isang mag–aaral ay hindi sumulat. Kailangan lamang ang pagbabalik–aral at pagsasanay upang maiwasan ang ganito.

### 1.1.4. Aspekto ng Pandiwa

Matatagpuan sa Talahanayan 4 sa susunod na pahina ang karaniwang kamalian ng mga mag –aaral sa gramar batay sa aspekto ng pandiwa. Inilalahad dito ang bilang ng pagkakamaling nagawa ng mga mag–aaral sa paggamit ng pandiwa, ang bilang ng mga mag–aaral na nagkamali , ang bahagdan ng mga mag–aaral na nagkamali at ang pagpapakahulugan dito.

Talahanayan Bilang 4
Kamalian ng mga Mag-aaral ng MinSCAT sa Gramar
Batay sa Aspekto ng Pandiwa

| **Blg. Ng Pagkakamali** | **Blg ng Nagkamali** | **Bahagdan** | **Pagpapakahulugan** |
|---|---|---|---|
| **4** | 0 | 0 | Pinakamahina |
| **3** | 3 | .51 | Mahina |
| **2** | 11 | 1.85 | Katamtaman |
| **1** | 83 | 14.02 | Mahusay |
| **0** | 495 | 83.62 | Pinakamahusay |
| **Kabuuan** | **592** | **100** | |

Makikita sa talahanayan na sa limandaan siyamnapu't dalawa (592), na kabuuang bilang ng mga mag-aaral, apatnaraan at siyamnapu't limang (495) o 83.62 % ang hindi nagkamali sa paggamit ng aspekto ng pandiwa at inilarawang pinakamahusay. Samantala, walumpo at tatlo (83) o 14.02% nito ay isang beses na nagkamali sa paggamit ng wastong aspekto ng pandiwa kaya't binigyan ng interpretasyong mahusay. Labing isa ( 11) o 1.85% ng mag–aaral ay makalawang beses nagkamali at may pakahulugang katamtaman samantalang tatlo (3) o .51 % at inilarawang mahina ang tatlong beses na nagkamali sa paggamit ng wastong aspekto ng pandiwa. Walang nagkamali ng apat na beses kaya't wala ring maituturing na pinakamahina.

Ipinapakita ng figura na bagaman malaki ang bilang ng mga mag–aaral na marunong gumamit ng aspekto ng pandiwa, hindi pa rin lubos ang kanilang kasanayan at kahandaan sa paggamit nito. Patunay ang bilang ng mga mag–aaral na nagkamali sa paggamit nito. Ayon sa teoryang connectionism, kinakailangan ng kahandaan at kasanayan upang matamo ang pagkatuto. Marahil kung bibigyan ng mga pagsasanay hinggil sa aspekto ng pandiwa ang mga mag–aaral, matututunan din nila ito at sa kalaunan magagamit din nila ito nang wasto

Narito ang halimbawa ng pangungusap na may maling aspekto ng pandiwa:

"Ang MinScat ay isang paaralan na *tumulong* sa paghubog ng disiplina at mabuting asal ng mga mag–aaral." ( tumutulong )

Makikita sa halimbawang pangungusap ang paggamit ng mag–aaral ng aspektong pangnagdaan sa halip na aspektong pangkasalukuyan na mas akmang gamitin sa pangungusap. Narito pa ang mga halimbawa:

"…may mga guro na patuloy na ***gumabay*** at sumusuporta para malinang ang ating sariling mga kaisipan." ( gumagabay )

" Paano mo nga ***ginabayan*** ang bawat kabataang ito…"

"Ang gwardiya ay isang taong tumutulong sa paaralang ito upang idisiplina ang mga mag–aaral tulad ng ***pagsuot*** ng tamang uniporme at id…"

Isa pa ring nakitang kamalian ang paggamit ng aspektong pangnagdaan sa halip na panghinaharap. Suriin ang sumusunod na pangungusap.

"Ang disiplina ay hindi mahirap ***natutuhan*** sapagkat ito ay sadyang tinataglay na ng mga Pilipino."

Ang paggamit ng aspektong pangkasalukuyan sa halip na pangnagdaan ay bahagi pa rin ng nagawang kamalian. Tingnan:
"Para sa isang katulad kong mag-aaral na pumapasok sa paaralang ito malaki ang ***nagiging*** bunga ng aking pagpasok dito."

Marahil ay nakakaligtaan ng mga mag–aaral ang tuntunin na ang mga kilos na nasimulan na ngunit di pa natatapos at kasalukuyan pang ipinagpapatuloy ay nasa aspektong pangkasalukuyan o imperpektibo. Nabubuo ito sa pamamagitan ng pag–uulit ng unang katinig–patinig o unang pantig ng salitang–ugat. Gayundin, dapat gamitin ang aspektong pangnagdaan o perpektibo kung nasimulan na at natapos nang gawin ang kilos na isinasaad ng pandiwa. ( Santiago at Tiangco 2003).

Isa pa rin sa mga nakitang kahinaan ng mga mag–aaral pagdating sa aspekto ng pandiwa ay ang konsistensi sa paggamit nito. Makikita sa halimbawa kung papaanong mula sa aspektong panghinaharap , ang pandiwa ay inilipat sa aspektong pangkasalukuyan:

"*Magiging* masaya ako sa pagpasok ko dito sa MinSCAT sapagkat madami akong *nagiging* *(* magiging *)*kaibigan at n*agiging* tunay na barkada."

Sa kasunod namang halimbawa, mapapansing mula sa pangkasalukuyan ay inilipat ang pandiwa sa aspektong pangnagdaan.

"Ang MinSCAT ay para ring tahanan. *Nag-aalaga, nagpoprotekta* ng mga estudyante na ***itinuring*** ( itinuturing ) na mga anak."

"Dito rin ginagawa ang mga pagdiriwang na *humubog* sa kakayahan ng bawat estudyante…"

Ang ganitong pagkakamali, ang biglaang pagpapalit ng aspekto ng pandiwa, ay ipinalalagay na maaaring hindi binibigyan ng pansin ng mga mag-aaral. Maaring hindi nila lubos na nauunawaang ang ganitong *switching* ay may malaking epekto sa pagbuo ng isang magandang sulatin. Kaya nga't ang aspekto

ng pandiwa ay isang paksang nararapat ding balik–aralan kung hindi man tuwirang talakayin sa klase kung ang fokus ay nasa paglinang sa kasanayang pagsulat.

### 1.2. Istruktura

Ang susunod na talahanayan ay naglalahad ng mga datos ng mga kamaliang nakita sa sulatin ng mga mag –aaral sa kolehiyo batay sa pagkakaayos ng mga salita, pagkakaugnay ng paksa at panaguri,pagkakabuo ng tanong, at malabong ideya o kaisipan.

#### 1.2.1. Pagkakaayos ng mga salita

Makikita sa Talahanayan 5 ang mga kamalian ng mga mag –aaral ng MinSCAT sa istruktura batay sa pagkakaayos ng mga salita.

Talahanayan Bilang 5
Kamalian ng mga Mag-aaral ng MinSCAT sa Istuktura
Batay sa Pagkakaayos ng mga Salita

| Blg. Ng Pagkakamali | Blg ng Nagkamali | Bahagdan | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|
| **4** | 0 | 0 | Pinakamahina |
| **3** | 0 | 0 | Mahina |
| **2** | 0 | 0 | Katamtaman |
| **1** | 67 | 11.32 | Mahusay |
| **0** | 525 | 88.68 | Pinakamahusay |
| **Kabuuan** | **592** | **100** | |

Batay sa talahanayan, inilarawang pinakamahusay ang limangdaan at dalawamput limang (525) mag–aaral o 88.68 % dahilan sa hindi nito pagkakamali sa aspeto ng pagkakaayos ng salita sa loob ng pangungusap. Animnapu't pito (67) sa limandaan siyamnapu't dalawang (592) mga mag–aaral o 11.32 % ang mahusay sa pag–aayos ng mga salita sa pangungusap na nagkaroon ng minsan lamang pagkakamali , liban doon ay wala nang naitalang nagkamali nang higit pa sa isa kaya't walang masasabing katamtaman, mahina o pinakamahina kaya sa pagsasaayos ng mga salita sa loob ng pangungusap.

Pinatutunayan ng datos na hindi gaanong problema sa mga mag –aaral ang pagkakaayos ng mga salita (word order) sa loob ng pangungusap. Marahil ay sa kadahilanang familyar sila sa posisyon ng mga salita sa loob ng pangungusap katulad ng tamang kalalagyan ng paksa at panaguri. Gayunman, ang mga naitalang pagkakamali ay indikasyon na kailangan pa ring pagbalik–aralan ang sistema ng pagsasama–sama o pag–uugnay–ugnay ng mga salita upang makabuo ng malinaw na pangungusap, katulad ng pananaw ni Tanawan ( 2003 ).

Isa sa mga nakitang kamalian ng mga mag–aaral ay ang paglalagay ng panuring sa dapat nitong kalalagyan. Bilang patunay, tuwirang sinipi ng mananaliksik ang pangungusap na nagtatagalay ng panuring mula sa sulatin ng mag-aaral:

"Dito rin nahuhubog ang magandang asal ng mag–aaral dahil ***dito*** ang mga guro ay madisiplina sa mga mag –aaral…"

"Malayo na nga at patuloy ang mga nakagawiang mga patakarang ito ay ipinatutupad."

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Makikita ang katotohanan mula sa halimbawa na ang suliranin ng mga mag–aaral ay ang tamang posisyon ng mga panuring. Halimbawa sa unang pangungusap ang pang–abay na ***dito*** ay malayo sa salitang tinuturingan nito na "guro", sa ikalawang pangungusap, ang panuring na "ipinatutupad" ay malayo rin sa salitang tinuturingan, "ang mga nakagawiang mga patakarang ito." Ayon kina Belvez et. Al., itinuturo ng kalinawan sa pagpapahayag na ang mga panuring ay dapat na ilapit sa salitang tinuturingan.

Makikita pa rin sa siniping halimbawa ang iba pang kamalian ng mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap dahilan sa hindi pagkakaayos ng mga salita.

" Minsan pinagagalitan ako ng guro dahil sa kasalanan kong ginawa at *nang aking mga magulang."*

" Hinuhubog sa paglipas ng panahon ang mga mag –aaral na may disiplina at mabuting asal *sa institusyong aking kinalalagyan ngayon, ang MinSCAT."*

"At dito nagsisimula kung paano magkakaroon o paunlarin ang disiplina ***ng mga kabataan*** sa kani- kanilang sarili."

"… Mas lalo pa naming mabubuo at mapapalawak ang aming ***bawat*** pag –uugali at kakayahan.."

Magiging malinaw ang mga pangungusap sa itaas kung ilalagay ang mga salita sa tamang lugar, katulad ng sinabi ni Alfonso Santiago, ( 2003 ), ang lahat ng salita maging ito man ay isang kataga ay may tiyak na posisyon sa loob ng pangungusap.

### 1.2.2. Pagkakaugnay ng Paksa at Panaguri

Inilalahad ng Talahanayan 6 ang kamaliang nakita sa mga sulatin ng mga mag –aaral ng MinSCAT sa istruktura batay sa pagkakaugnay ng paksa at panaguri.

Talahanayan Bilang 6
Kamalian ng mga Mag-aaral ng MinSCAT sa Istruktura
Batay sa Pagkakaugnay ng Paksa at Panaguri

| Blg. Ng Pagkakamali | Blg ng Nagkamali | Bahagdan | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|
| **4** | 0 | 0 | Pinakamahina |
| **3** | 0 | 0 | Mahina |
| **2** | 2 | .33 | Katamtaman |
| **1** | 27 | 4.57 | Mahusay |
| **0** | 563 | 95.10 | Pinakamahusay |
| **Kabuuan** | **592** | **100** | |

Ayon sa talahanayan, maituturing na pinakamahusay ang limandaan at animnapu't tatlo (563) o 95.10% dahilan sa kawalan ng pagkakamali sa ugnayan ng paksa at panaguri, dalawampu't pito (27) o 4.57 % sa limandaan at siyamnapu't dalawa (592) mag–aaral ang may isang (1) pagkakamaling natamo sa pag–uugnay ng paksa at panaguri at itinuturing na mahusay, dalawa (2) naman ang nagkamali ng dalawang ulit o nasa .33 % at may kahulugang katamtaman. Samantalang walang mailalarawang mahina at pinakamahina sapagkat walang isa man ang nagkamali ng tatlo at apat na ulit.

Ang datos ay isang indikasyon na ang malaking bahagdan ng mga mag –aaral ng MinSCAT na kalahok sa pag–aaral ay may kaalaman sa pagbuo ng pangungusap na may wastong pagkakaugnay ang paksa at panaguri .Ito ay mahihinuha dahilan sa malaking bilang at bahagdan ng mga mga –aaral na

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

hindi nakalikha ng anumang mali kaugnay ng paksa at panaguri. Gayunpaman, ang dalawampu't siyam ( 29) na mag–aaral na bumuo ng mga pangungusap na walang kasunduan sa pagitan ng paksa at panaguri at naging dahilan ng kanilang kamalian ay nagpapaalalang kailangan pa ring balik–aralan sa klase ng Filipino ang paksa hinggil sa mga pangungusap , sapagkat lalong mahalaga ito para sa pagkakaroon ng madulas na pagpapahayag Isa sa mga kamalian ng mag–aaral ay ang kawalan ng kasunduan ng paksa at panaguri. Narito ang halimbawa:

"Kailangan *ng mag–aaral* dito ay malaman at maipakita *nila* ang *kanilan*g pagbabago sa *kanilang* sarili o *kanilang* buhay at panatilihin *nila* ang mabuting asal at pagkakaroon ng disiplina."

Pansining ang paksang *nila* ay nasa kailanang maramihan, samantalang ang pangalan sa bahagi ng panaguri ay nasa kailanang isahan--*ng mag–aaral* .

Isa pa rin sa mga pinagkakamalian ng mga mag–aaral ay ang pagkawala ng isa sa alinman sa dalawang mahalagang elemento ng pangungusap, maaaring ang paksa o ang panaguri. Sa sumusunod na halimbawa ay mapapansin ang pagkawala ng paksa na naging dahilan ng kawalan ng ideya o katuturan ng pangungusap.

"Tungo sa paghubog ng disiplina at mabuting asal ng mga mag –aaral ng MinSCAT ."

"Sa tulong ng mga mababait na guro na tuwina'y gumagabay sa mga mag –aaral."

"Paghubog ng disiplina at mabuting asal ng MinSCAT."

Mapapansin naman sa halimbawa sa ibaba ang pagkawala ng panaguri ng pangungusap.

"Ang paghubog ng disiplina at mabuting asal ng mga mag–aaral sa MinSCAT , kung ang lahat ng mag –aaral ay susunod sa sa ipinatutupad ng paaralan."

"Ang paaralang kinatatayuan ko ditto ako mag sisimula para sa aking kinabukasan."

"Ang pagsugpo sa ipinagbabawal na gamot."

"Habang ang panahoy patuloy sa pagdaloy at lahat ay nagbabago"

Natuklasan pa rin na ang kadalasang pagkakamali ng mag–aaral ay ang kawalan ng tuwirang relasyon ng paksa sa panaguri at bise bersa tulad ng makikita sa halimbawang ito:

"Ang disiplina ang siyang gabay upang marating ang mga bagay–bagay. *Ang kakayahan ng lahat ay maipapakita o makukuha ang sinasabing disiplina sa kapwa at sa sarili."*

"Mahuhubog ang disiplina at mabuting asal ng mga mag–aaral saMinSCAT Bongabong Campus sa pagiging masunurin sa mga alituntunin ng paaralan."

Sa pananaw nina Tanawan et. al. (2003), ang pangungusap ay napakahalagang sangkap sa pagsulat ng komposisyon. Ang mga pangungusap ang bumubuo sa talata at ang mga talata naman ang kabuuan ng komposisyon. Ang pangungusap ay ginagamit upang mapaunlad at mapag–ugnay ang mga binubuong

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

diwa. Dapat maging maingat sa paggamit ng mga salita, sa pagsasaayos ng mga ito sa pangungusap, at sa pagkakaugnay ng bawat pangungusap sa talata.

Ang mga halimbawa ay pagpapatunay ng pangangailangan ng mga mag-aaral ng mga pagsasanay sa pag–uugnay ng paksa sa panaguri at kung paano bibigyan ng pokus ang paksa ng pangungusap.

### 1.2.3. Pagkakabuo ng Tanong

Ipinakikita ng Talahanayan 7 ang mga kamalian ng mga mag–aaral ng MinSCAT sa istruktura batay sa pagkakabuo ng tanong. Ibinibigay nito ang bilang ng pagkakamali na nalikha ng mga mag–aaral sa aspeto ng pagbuo ng katanungan, ang bilang ng mga mag–aaral na nagkamali, ang bahagdan ng nagkamali at ang verbal na interpretasyon nito.

Talahanayan Bilang 7
Kamalian ng mga Mag-aaral ng MinSCAT Istruktura
Batay sa Pagkakabuo ng Tanong

| Blg. Ng Pagkakamali | Blg ng Nagkamali | Bahagdan | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|
| **4** | 0 | 0 | Pinakamahina |
| **3** | 0 | 0 | Mahina |
| **2** | 0 | 0 | Katamtaman |
| **1** | 17 | 2.87 | Mahusay |
| **0** | 575 | 97.13 | Pinakamahusay |
| **Kabuuan** | **592** | **100%** | |

Mapapansin sa talahanayan na Limandaan pitumpu't lima (575) o 97.13 % ang walang mali sa pagbuo ng tanong kaya't inilarawang pinakamahusay. labimpito ( 17 ) o 2.87 % sa limandaan siyamnapu't dalawa ( 592) mag–aaral ang minsang nagkamali sa pagbuo ng tanong. Ito ay binigyan ng interpretasyong mahusay. walang nagkamali nang higit pa sa isa kung kaya't walang inilarawang katamtaman, mahina o pinakamahina.

Ang figura ay nagpapahayag na marami sa mga mag–aaral ang may kaalaman sa pagbuo ng tanong. Ipinapahayag din nito na may sapat silang kaalaman sa mga salik na kailangan sa pagbuo ng tanong.

Gayunman, isa sa karaniwang kamalian ng mag–aaral sa pagbuo ng tanong ay kawalan ng kaugnayan ng tanong sa sinundang pahayag. Posibleng dahil ito sa kawalang–ingat ng mga mag–aaral. Makikita sa halimbawa kung paano nabuo ang katanungan:

"Batid ko sa aking sarili na kung disiplina at kagandahang asal ang pag–uusapan ay mayroon ako niyan. *Subalit ano kaya ang sa iba*?"

Mapapansin na malayo ang ideyang ipinahahayag ng tanong sa sinundang pangungusap kaya't may kalabuan ang dating nito sa mambabasa. Ano ang ibig ng may akda na itanong na ***"sa iba"***? Hindi tiyak ang tanong ,maaaring may ibang isipin ang babasa nito. Dapat iwasan ang ganitong pagkakabuo ng tanong sapagkat maaari itong magdulot ng kalituhan sa mambabasa. Ang tanong, tulad sa isang pangungusap na paturol ay dapat magkaroon ng isang malinaw na diwa o kaisipan.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Isa pa ring nagiging kamalian ng mga mag–aaral sa pagbuo ng tanong ay ang pagkakaroon ng higit sa isang ideyang ibig bigyang kasagutan. Makikita ito sa sumusunod na halimbawa.

"Paano ba huhubugin ng MinSCAT ang disiplina at mabuting asal sa bawat mag –aaral, at sa kanilang gagawin ba, ito ba ay makakatulong o Makakasama, sa bawat mag –aaral, o sa kanilang pagkatao?"

"Ang MInSCAT Nga Ba Ay Malaki Ang Maitutulong Sa Paghubog Ng Disiplina AT Mabuting Asal Ng Isang Mag –aaral."

Alin nga ba?Ang maghuhubog ng disiplina at mabuting asal ng mga bata. Tahanan ba o ang paaralan?"

"Paano nga ba? Nahuhubog ang disiplina at ang mabuting asal ng mga mag –aaral?"

Ang mga natuklasan ay isang pagpapatunay sa kaugnayan ng teoryang Kognitiv ( Badayos), na nagsasabing ang pagkakamali ay isang palatandaan ng pagkatuto at eksperimentasyon at hindi ito kagyat at tuwirang iwinawasto. Samakatwid, ang paulit–ilit na pagpapasulat sa mga mag–aaral ng iba't ibang uri ng sulating pangkolehiyo ay paraan upang magkaroon sila ng kasanayan dito.

### 1.2.4. Malabong Ideya o Kaisipan

Ang talahanayan 8 ay nagbibigay ng mga datos hinggil sa kamalian ng mga mag –aaral sa istruktura batay sa malabong Ideya o kaisipan.

Talahanayan Bilang 8
Kamalian ng mga Mag-aaral ng MinSCAT sa Istruktura
Batay Malabong Ideya o Kaisipan

| **Blg. Ng Pagkakamali** | **Blg ng Nagkamali** | **Bahagdan** | **Pagpapakahulugan** |
|---|---|---|---|
| **4** | 1 | .16 | Pinakamahina |
| **3** | 2 | .33 | Mahina |
| **2** | 6 | 1.02 | Katamtaman |
| **1** | 56 | 9.47 | Mahusay |
| **0** | 527 | 89.02 | Pinakamahusay |
| **Kabuuan** | **592** | **100** | |

Inilalahad ng datos sa talahanayan na sa limandaan at siyamnapu't dalawa (592), limandaan dalawampu't pito ( 527 ) o 89.02 % ang naitalang walang mali sa aspeto ng malabong ideya o kaisipan at inilarawang pinakamahusay, limampu't anim (56) o 9.47 % ang nagkamaling minsan at itinuturing na mahusay, anim (6) o 1.02 % ang dalawang beses nagkamali sa pakahulugang katamtaman. May dalawa (2) o .33% ang makatlong beses naitalang nagkamali at may pakahulugang mahina, samantalang isa (1) o .16% ang apat na beses naitalang nagkamali, sa gayo'y inilarawang pinakamahina.

Ang datos ay nagpapahiwatig na bagaman at malaking bilang ng mga mag–aaral ang marunong bumuo ng mga pangungusap na may buo at malinaw na kaisipan, hindi pa rin maitatatwang may mga mag–aaral na nahihirapang maipahayag ang kanilang ideya nang wasto sa paraang pasulat

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Isa sa mga natuklasang dahilan ng kamalian ng mga mag–aaral ay ang kawalan nila ng kasanayan sa pagtukoy ng panuring at ng salitang tinuturingan, gayundin ng paglalagay ng salita sa dapat nitong kalagyan. Mababasa sa ibaba ang halimbawa na sinipi sa orihinal na sulating ginawa ng mag-aaral.

"Bilang ako isang mag-aaral natutuhan ko kung paano magdisiplina sa aking sarili ang mabuting asal mula sa pagkabata haggang sa paglaki ko."

Sa pananaw ni Lachica ( 1998 ) , ang tamang kaayusan ng mga salita sa loob ng pangungusap ay nagpapakita ng ating kakayanan sa epektibong pagsulat at malawak na pag–unawa sa talasalitaan . Kaya't magiging makinis lamang ang pahayag kung matututunan ng mga mag–aaral ang tamang ayos ng mga salita sa pangungusap.

Ang datos ay isa pa ring manifestasyon ng kakulangan ng kasanayan ng mag–aaral na makabuo ng isang malinaw na pagpapahayag. Maaaring isa sa mga dahilan nito ay ang pagkakaroon ng limitadong talasalitaan o bokabularyo ng mag-aaral. Dapat magkaroon ang mag–aaral ng isang malawak na talasalitaan sapagkat ayon nga kay Casanova at Rubin (2001), kung may malawak na talasalitaan ang isang magpapahayag, magagawa niyang magamit ang mga salitang nalalaman niyang angkop at wasto sa kaisipan o damdaming nais niyang ipahayag.

Makikita sa halimbawa ang pagkakaroon ng malabong ideya o kaisipan ng pangungusap.

"Sinasabing isang malaking tulong ang paaralang MinSCAT sa mga tulad *kung* mag –aaral para matutunan ang mga bagay na ganito , sapagkat malaki ang kanilang kakayahan sa pagturo sa atin nito , dahil na rin sa pagtutulungan ng bawat isa …"

### 1.3. Mekanismo

#### 1.3.1. Gamit ng Bantas

Matutunghayan sa Talahanayan 9 ang mga kamalian ng mga mag –aaral ng MinSCAT sa kanilang sulatin sa mekanismo batay sa gamit ng bantas.

Talahanayan Bilang 9
Kamalian ng mga Mag-aaral ng MinSCAT sa Mekanismo
Batay sa Gamit ng Bantas

| Blg. Ng Pagkakamali | Blg ng Nagkamali | Bahagdan | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|
| **4** | 7 | 1.18 | Pinakamahina |
| **3** | 15 | 2.53 | Mahina |
| **2** | 45 | 7.60 | Katamtaman |
| **1** | 189 | 31.93 | Mahusay |
| **0** | 336 | 56.76 | Pinakamahusay |
| **Kabuuan** | **592** | **100** | |

Batay sa talahanayan, sa limandaan siyamnaraan at dalawa (592) mag-aaral, tatlong daan at tatlumpu't anim (336) o 56.76% ay hindi nagkamali sa pagbabantas at may verbal na interpretasyong pinakamahusay, isandaan walumpo at siyam (189) o 31.93 % ang isang beses na nagkamali at may kahulugang mahusay, apatnapu't lima (45) o 7.60 % naman ang nagkamali ng dalawang (2) ulit at

ISSN:3116-4692

inilarawang katamtaman, labinlima (15) o 2.63% ang tatlong (3) ulit na nagkamali na binigyan ng paglalarawang mahina . Samantala, may pito (7) o 1.18% ang maituturing na pinakamahina dahil sa pagkakaroon ng apat na beses na pagkakamali sa paggamit ng bantas.

Inilalahad ng talahanayan na halos kalahati ng kabuuang bilang ng mga mag–aaral na kalahok sa pag–aaral na ito ay may sapat na kaalaman sa pagbabantas. Ipinakikita rin nito na bagamat may mga mag–aaral na marunong gumamit ng tamang bantas sa mga sulatin, hindi rin naman maitatanggi ang nakaaalertong kamalian ng mga mag–aaral sa paggamit nito. Ang malaking bilang ng mga mag–aaral na nagkamali sa paggamit ng bantas ay isang hudyat upang bigyan sila ng pagsasanay tungkol dito.

Ang pagbabantas ay mahalaga rin sa pagsusulat ng isang magandang sulatin. Ito ay nakatutulong sa magandang daloy ng mga salita. Naiiwasan ang maling pagbasa sa pamamagitan ng tamang bantas. ( Lachica , 1998 ).

Batay sa pag-aaral, sa mga bantas, madalas na maging kamalian ang paggamit ng gitling. Marahil ay nakakalimutan nila na ginagamit ang gitling kapag ang unlapi ay nagtatapos sa katinig at ang salitang nilalapian ay nagsisimula sa patinig na nagkakaroon ng ibang kahulugan kapag hindi ginitlingan. (Santiago 2003 ). Sa pag–aaral ay nakitang maraming mag–aaral ang hindi sumunod sa nabanggit na tuntunin kung kaya sila ay nagtamo ng maraming kamalian.

Kadalasang ang mga salitang dapat gitlingan ay hindi nila ginigitlingan,gayundin naman, ang mga salitang hindi dapat gitlingan ay kanilang ginigitlingan. Makikita ang halimbawa sa sumusunod na mga pangungusap na tuwirang sinipi sa sulating isinumite ng mga mag–aaral.

"Ang MINSCAT ang daan upang ang ***mag aaral*** ay maging isang disiplinado at magkaroon ng mabuting asal sa kanilang mga sarili."

"Sa pagkakataon ng tayo ay tumuntong sa paaralan, may mga asal o disiplinang kailangan sundin."

"Upang ang mga mag–aaral ay maraming matutunan ***nag- papagawa*** rin sila sa actual …"

"Ilang kalamidad na rin ang aming naranasan sa institusyong ito ngunit hindi ito naging hadlang para mabago ang kalidad ng edukasyon sa kadahilanang andyan pa rin aming mga guro na patuloy pa ring magsisilbi sa aming bilang pangalawang ina sa paghubog ng aming ***iba't - ibang*** pag – uugali."

"Sa sitwasyong ito, ***kailangang kailangan*** ng ating paaralang hubugin ang bawat isa."

Ang kuwit ay isa pa rin sa mga bantas na madalas maging sanhi ng pagkakamali ng mga mag–aaral. Ang kuwit ay ginagamit sa paghihiwalay ng sunud–sunod na mga salita, parirala, at sugnay sa pangungusap. Gumagamit din ng kuwit bago ang ***at*** o ***o.*** Katulad ng sa gitling, maaaring hindi na nila binibigyan ng pansin ang mga tuntunin sa paggamit nito o wala silang interes sa ,magiging epekto nito, kaya't kung minsan ay nababago tuloy ang kahulugan ng kanilang sinulat. Tingnan ang halimbawa mula sa sulatin ng mag –aaral.

"Ang MinSCAT ang siyang nagsilbing hagdan ko upang makilala ko ang aking sarili ****** dito natutunan *ko* makisalamuha…"

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

"Bilang isang institusyon **** malaki ang maitutulong nito para lalong mahubog ang disiplina ng bawat mag –aaral."

Bawat bantas ay may kanya–kanyang gamit. Ayon kay Tanawan (2003), ang tamang paggamit ng bantas ay nagdudulot ng pagbabago sa kahulugan ng pangungusap, kayat dapat tiyaking ang mga pasulat na pangunguap ay gumagamit ng mga tamang bantas upang lalong maging malinaw at mabisa ang pagpapahayag.

### 1.3.2. Gamit ng Malaki at Maliit na Titik

Ipinakikita ng Talahanayan 10 ang kamalian ng mga mag –aaral ng MinSCAT sa mekanismo batay sa gamit ng malaki at maliit na titik.

Talahanayan Bilang 10
Kamalian ng mga Mag-aaral ng MinSCAT sa Mekanismo
Batay sa Gamit ng Malaki at Maliit na Titik

| **Blg. Ng Pagkakamali** | **Blg ng Nagkamali** | **Bahagdan** | **Pagpapakahulugan** |
|---|---|---|---|
| **4** | 4 | .68 | Pinakamahina |
| **3** | 5 | .84 | Mahina |
| **2** | 14 | 2.36 | Katamtaman |
| **1** | 68 | 11.49 | Mahusay |
| **0** | 501 | 84.63 | Pinakamahusay |
| **Kabuuan** | **592** | **100** | |

Sa kabuuang bilang ng mga mag–aaral na gumawa ng sulatin, limandaan at isa (501) o 84.63 % nito ang walang pagkakamali sa gamit ng malaki at maliit na titik at binigyan ng pakahulugang pinakamahusay. Samantala, animnapu't walo (68) o 11.49 % ang nagkamaling minsan , may kahulugang mahusay , labing-apat (14) o 2.36 % ng mag–aaral ay may dalawang beses na pagkakamali at may interpretasyong katamtaman, lima (5) o .84 % ay tatlong beses nagkamali kaya't inilarawang mahina, at apat (4) o .68 % ng mag–aaral ay makaapat na beses na nagkamali at may pakahulugang pinakamahina.

Malinaw na inilalahad ng talahanayan na kakaunti lamang ang mga mag –aaral na dumaranas ng kalituhan sa paggamit ng malaki at maliit na titik. Gayundin naman, mas maraming mag–aaral ang may sapat na kaalaman sa paggamit ng malaki at maliit na titik.

Marahil, ang pagkakamali sa paggamit ng malaki at maliit na titik ay bunsod lamang magkaminsan ng kagustuhan nilang pagandahin ang paraan ng kanilang pagsulat o ang tinatawag na "style" o pwede ring "art" sa Ingles. Maaari rin namang dahil sa kanilang pagmamadali na makatapos na sa pagsulat, kaya't hindi na nila pinapansin kung malaki ba o maliit na titik ang kanilang ginamit sa pagsulat. Alinman sa mga ito ang dahilan, ipinahihiwatig ng datos na kailangan itong "kantiin" sa klase ng Filipino.

Ang kasunod na pangungusap ay nagpapatunay ng kamalian ng mag–aaral sa paggamit ng malaki / maliit na titik.

"… At higit sa lahat ang Minscat ***bongabong campus*** ay susi tungo sa magandang kinabukasan."

"Iniisip ko kung bakit ako napunta sa ***minscat calapan campus***."

**"*P*ara** sa a***K***in ang MinSCAT ay na***K****a****K***a tulong sa ***P***aghubog ng ***D***isiplina at mabuting asal ng mga mag –aaral…"

"Nahuhubog nga ba ng isang **P**aaralan ang disiplina at mabuting asal ng mga mag–aaral?"

"Bawat **P** aaralan ay may mga batas."

" Halina't tunghayan natin ang magpapatunay na ang MinSCAT ay tungo sa ***P***aghubog ng ***Di***siplina at ***M***abuting ***A***sal ng mga ***Ma***g –aaral."

May malaking epekto ang kamalian sa paggamit ng malaki at maliit na titik sa wasto at mabisang pagpapahayag lalo at sa pasulat na paraan o diskors. Ayon kay Casanova at Rubin ( 2001 ), maliban sa panimula ng pangungusap , ginagamit din ang malaking titik sa simula ng mga pangngalang pantangi: ngalan ng tao , lugar, katawagan o taguring nagtatangi. Ginagamit din ito sa mahahalagang salita sa isang pamagat pati na ang simula nito. Sa kabilang dako, ang maliit na titik ay ginagamit sa pangngalang pambalana: panlahat na katawagan para sa tao, bagay lugar at maging isang pangyayari. Hindi dapat magkapalit ng gamit ang dalawang ito. Binanggit nina P.T.Kingston et. Al. (2005) na sa pagsulat kailangan ang kasanayan sa paglikha, pagbabaybay, pagbabantas at paggamit ng malaking titik.

### 1.3.3. Wastong Baybay ng Salita

Inilalahad ng talahanayan 11 ang kamalian ng mga mag–aaral ng MinSCAT sa mekanismo batay sa gamit ng wastong baybay ng salita. Ipinakita rin sa talahanayan ang bilang ng nagkamali, bahagdan ng pagkakamali at ang pagpapakahulugan ditto.

Talahanayan Bilang 11
Kamalian ng mga Mag-aaral ng MinSCAT sa Mekanismo
Batay sa Gamit ng Wastong Baybay ng Salita

| Blg. Ng Pagkakamali | Blg ng Nagkamali | Bahagdan | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|
| **4** | 6 | 1.02 | Pinakamahina |
| **3** | 15 | 2.53 | Mahina |
| **2** | 37 | 6.25 | Katamtaman |
| **1** | 153 | 25.84 | Mahusay |
| **0** | 381 | 64.36 | Pinakamahusay |
| **Kabuuan** | **592** | **100** | |

Makikita sa talahanayan na sa limandaan siyamnapu't dalawa (592) mag–aaral na kumukuha ng Filipino 102, tatlong daan at walumpu't isa (381) o 64.36%, ang isang isang beses nagkamali sa pagbabaybay ng salita at inilarawang mahusay, tatlumpu't pito (37) o 6.25 % naman ang dalawang ulit na nagkamali at may kahulugang katamtaman. Samantalang ang kahulugang mahina ay inilarawan sa labinglima (15) 0 .84 % na mag-aaral na nagkamali ng makatatlong 3 ulit. Gayundin, may anim (6) o 1.02 % ng mag –aaral ang naitalang apat na beses na nagkamali at inilarawang pinakamahina.

Batay sa talahanayan, mahigit sa kalahati ng kabuuang bilang ng mag–aaral na kumukuha ng Filipino 102 sa MinSCAT ay nakasusulat ng may wastong baybay ng salita. Gayunman, makikita sa datos na malaking bilang rin ng mga mag–aaral ay may mga pagkakamali sa pagbabaybay ng salita. Ipinahihiwatig lamang nito na bagaman at may mga mag–aaral na maalam sa wastong pagbabaybay ay

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

marami rin naman ang may kahinaan dito, sa gayon ay dapat bigyan ng pansin ang gawaing ito sa loob ng klase sa asignaturang Filipino.

Ilan sa mga pinagkakamalian ng mga mag–aaral ay ang gamit ng /e/ at /i/ at ng / o / at / u / . Maaaring isipin na may impluwensya ang kanilang kapaligiran o pook na kinaroroonan sa mga pagkakamali nila sa pagbabaybay. Maaaring dahilan sa sila ay nakatira sa pook na karamihan sa mga naninirahan ay hindi taal na Tagalog at nagsasalita ng dayalektong iba sa kanila, kahalubilo at kausap nila sa maraming pagkakataon kung kaya't maaaring isipin na sila ay lubhang naimpluwensyahan nito. Kung kaya't maging sa pagsulat ay dala-dala nila ang epekto nito, lalo't higit ay kung sinusunod nila ang tuntuning kung anong bigkas ay siyang sulat at kung anong sulat ay siyang basa. Ang resulta, ang pagpapalit ng mga ponemang /e/ sa /i/ at /o/ sa / u /. Halimbawa:

"Ang MinSCAT ay gumagawa ng mga paraan upang mahubog ang talento ng mag –aaral mapa – sport **o** ***akadimiko***. Gumagawa sila ng mga **aktibidadis** para mahubog ang isang mag –aaral. "

"Malaki ang ambag ng Paaralang MinSCAT sa isang indibidwal, maituturing na isa sa ***parti*** ng ating buhay ay makatungtong sa paaralang MinSCAT."

"Bilang isang mag-aaral dapat kong gawin ang aking makakaya upang makabawi sa bigay ng aking mga magulang ***kong*** hindi sa kanila hindi ako …"

"At dito ***lalung*** nahuhubog ang pakikipagkapwa ng bawat mag –aaral."

"Ito ang nagtulak sa akin upang patuloy **kung** abutin ang aking mga pangarap…"

"Sa pagkakataong ito ipinakikita at itinuturo, na ang mabuting asal ay mahalaga sa isang tao o sa isang ***istudyante."***

Isa pang posibleng dahilan ng pagkakamali nila sa baybay ng salita ay ang impluwensya ng paggamit ng *cellphone*. Kalimitan na ang baybay ng salita sa kanilang sulatin ay isinusunod nila sa baybay ng salita sa cellphone Isang patunay lamang na lubhang malaki ang epekto ng cell phone sa pasulat na pagpapahayag ng mga kabataan kaya't nararapat lamang gumawa ng hakbang upang maiwasan ang ganitong mga kamalian katulad ng makikita sa mga sumusunod na halimbawa:

"Ang mga mag–aaral sa *minsca*t ay natututong gumalang ***ndi*** nagiging bastos sa kadahilanang ang mga guro dito ang nagsisilbing huwaran sa mga mag–aaral."

"Isa na rito ***iung*** pagbati sa mga titser tuwing nakikita sila."

"Kulang man sa mga silid na pagtuturuan ***anjan*** pa rin sila upang hubugin ang tama at mabuting asal ng mga mag–aaral."

Ang mga datos ay manifestasyon ng pangangailangan ng mga mag–aaral na dumaan sa pagpapaalala at pagsasanay sa baybay ng mga salita. Hindi maitatatwa na ang maling baybay ng salita ay may malaking epekto sa sulatin at maging sa sumulat. Maaring mabago ang buong kahulugan ng sulatin kung ang baybay ng salita ay hindi naaayon sa ibig ipahiwatig ng sumulat .Alalaong baga, maaring husgahan ang sumulat batay sa kayang sinulat.

Isa pa ring posibleng dahilan ng kamalian ng mga mag –aaral ay ang kawalang–ingat nila sa pagsulat. Marahil, sa pagnanais nilang madaling makatapos ng pagsusulat, hindi na nila nirerebisa pa ang kanilang ginawa. Halimbawa nito ay ang maling baybay sa sumusunod na pangungusap:

"Sa balikat ng paaralang ito nakaatang ang isang malaking responsibilidad **na *kaalingang*** gampanan." ( kailangang )

"May kakayahan kaya itong baguhin ang asal na ***naipundang*** ng tahanan sa pagkatao ng isang estudyanteng tulad ko ? " ( naipundar )

Ang mga nabanggit ay ilan lamang sa mga posibleng dahilan ng mga kamalian ng mga mag–aaral sa aspeto ng pagbabaybay. Subalit ano man ang kanilang mga naging dahilan sa nagawa nilang kamalian, hindi maitatangging ang guro ay may papel ditong dapat gampanan.

**2. Antas ng Kahusayan sa Sulatin ng mga Mag -aaral**

Iba-iba ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral batay sa naitalang kamalian. Natuklasan sa pag-aaral na bagama't mataas ang antas ng kahusayan, lumitaw pa rin ang kahinaan at kamalian sa ilang aytems ng gramar, istruktura at mekanismo. Ang pagkakaiba ng antas ng kahusayan ng mga mag-aaral batay sa naitalang kamalian ay makikita sa ibaba:

**2.1. Gramar**

Sa gramar, pinakamahusay ang naging antas ng kahusayan ng mga mag –aaral sa pang–abay. Ito ay pinatunayan ng limandaan at apatnapo (540) o 91.21 % ng limandaan siyam na raan at dalawang ( 592) mga ma –aaral na walang naitalang mali sa gamit ng pang–abay sa kanilang sulatin at binigyan ng intertpretasyong pinakamahusay. Pumapangalawa ang panandang morpopolohikong pananda sa antas ng kahusayan na nakakuha ng 83.78 % o apat na raan siyamnapu't anim (496) mag–aaral sa kabuuang bilang na 592 na walang mali sa gamit ng morpopolohikong pananda. Sumusunod sa pananda ang gamit ng pang–ukol na may 459 o 77.54 % ng mga mag –aaral na hindi nagkamali sa paggamit nito sa kanilang mga sulatin. Pangatlo sa antas ng kahusayan sa aspeto ng gramar batay sa mga panandang morpopolohiko ay ang pang–angkop na may 448 o 75.68 % ng mga mag–aaral na walang naitalang maling gamit ng pang–angkop. Pang–apat sa antas ng kahusayan sa aspeto ng gramar batay sa panandang morpopolohiko ay ang panlapi na may 410 mag–aaral o 69.27 % ng mga mag–aaral na walang mali sa paggamit ng panlapi. At ang panghuli sa antas ng kahusayan sa aspeto ng gramar batay panandang morpopolohiko ay ang pangatnig na may 310 o 52.37 % ng mga mag–aaral na hindi nagkamali sa paggamit nito.

Pangatlo sa antas ng kahusayan sa aspeto ng gramar ay ang aspekto ng pandiwa. Pinatutunayan ng apat na daan siyamnapu't lima (495) o 83. 62 % sa kabuuang bilang na limandaan siyamnapu't dalawa (592) mag–aaral ang kahusayan nila sa paggamit ng aspekto ng pandiwa . Masasabing may kaalaman ang mga mag–aaral sa gamit ng pandiwa. At maari pang lubusan nilang matutunan ang wastong gamit nito kung bibigyan sila ng mga pagsasanay na lilinang sa kasanayan nila dito. Kaugnay ng natuklasang ito ang teoryang Universal Grammar ni Noam Chomsky. Likas sa mga mag–aaral ang kaalaman sa salita, inaangkin na nila ito sa pagsilang pa lamang nila, kailangan na lamang itong linangin upang mahawakan at magamit nila nang wasto sa pagpapahayag.

Panghuli sa antas ng kahusayan sa aspeto ng gramar ay ang panghalip. Makikita sa talahanayan 2 ang datos sa mga naitalang kamalian ng mga mag –aaral sa panghalip. Sa limandaan siyamnapu't dalawa (592) mag–aaral na kalahok sa pag–aaral, apatnaraan pitumpu't apat ( 474) o 80.07 % ang walang mali sa paggamit ng panghalip. Ito ay malinaw na indikasyon ng kakayahan ng mga mag–aaral na mapabuti ang kasanayan nila sa pagsulat . Kailangan lamang gumawa ng hakbang ang guro upang pasiglahin ang kakayahan at kasanayan nilang ito. Kaugnay ng natuklasang ito ang teoryang **Behaviorist** na nagsasabing ang kakayahang intelektwal ng mga bata ay mapapayaman at mapapaunlad sa tulong ng mga angkop na pagpapatibay dito. Kailangang alagaan ang pag–unlad na intelektwal sa pamamagitan ng pagganyak at pagbibigay–sigla at pagpapatibay sa anumang mabuting kilos o gawi.

May pagkakaiba ang antas ng kahusayan ng mga mag –aaral sa kanilang sulatin sa gramatika sapagkat may mga mag –aaral na hindi naging maingat sa pagsulat o hindi gaanong binigyan ng pansin ang gramar.

### 1.2. Istruktura

Nakabatay sa apat na salik ang aspeto ng istruktura: pagkakaayos ng mga salita, pagkakaugnay ng paksa at panaguri, pagkakabuo ng tanong, at malabong ideya o kaisipan.

Makikita sa mga talahanayan 5,6,7,at 8 ang resulta ng kamaliang natamo ng mga mag–aaral sa nabanggit na mga salik. Sa mga ito, may pinakamataas na antas ng kahusayan ang pagkakabuo ng tanong. Sa 592 na kalahok sa pag–aaral, 575 o 97.13% nito ay naitalang walang mali sa pagbuo ng tanong sa kanilang sulatin, sumusunod ang pagkakaugnay ng paksa at panaguri na may 563 o 95.10 % ng mga mag–aaral na hindi nagkamali sa aspetong ito, pangatlo ang malabong ideya o kaisipan na naitalang may 527 o 89.02 % mag–aaral at panghuli sa antas ng kahusayan sa malabong ideya o kaisipan ay ang pagkakaayos ng salita na may 525 mag–aaral o 88.68 % na naitalang walang mali sa nasabing aspeto ng istruktura.

Isinasaad ng mga datos na ito na ang mga mag–aaral ay may mataas na pagpapahalaga sa makrong pagsulat. Ipinahihiwatig din nito na may kakayahan silang makipag–ugnayan sa kanyang kapwa at lipunan nang may wastong istruktura sa paraang pasulat.

Nauugnay ang mga natuklasang ito sa teoryang Makatao sa pagkatuto. Ang teoryang ito ay nagbibigay diin sa mga salik na pandamdamin at emosyunal. Ito'y nanalig sa kaisipang ang pagtatagumpay sa pagkatuto ay mangyayari lamang kung angkop ang kaligiran, may kawilihan ang mga mag–aaral at may positibong saloobin sa mga baong kaalaman at impormasyon. Pangunahing binibigyang pansin ng teoryang ito ang mga mag–aaral sa anumang proseso ng pagkatuto. Isinasaalang–alang ang saloobin ng mga mag–aaral sa pagpili ng nilalaman, kagamitang panturo at mga gawain sa pagkatuto.

### 1.3. Mekanismo

Sa aspeto ng mekanismo ay nabibilang ang gamit ng bantas, gamit ng malaki at maliit na titik at wastong baybay ng salita.

Inilalahad sa mga talahanayan 9, 10 at 11 ang mga datos hinggil sa antas ng kahusayan ng mga mag–aaral sa mekanismo. Batay sa mga natuklasan, ang may pinakamataas na antas ng kahusayan sa aspeto ng mekanismo ay ang gamit ng malaki at maliit na titik na nakapagtala ng 501 o 84.63 % ng mag–aaral na walang mali sa gamit ng malaki at maliit na titik sa kanilang mga sulatin. Pumapangalawa ang

wastong baybay ng salita na may 381 o 64.36 % ng mag–aaral na naitalang hindi nagkamali sa gamit ng malaki at maliit na titik at ang panghuli na may mataas na antas ng kahusayan sa aspeto ng mekanismo sa sulatin ng mga mag-aaral ay ang gamit ng bantas na nakakuha ng 336 o 56.76 % ng mga mag–aaral na walang nagawang mali sa gamit ng bantas sa kanilang sulatin.

Malinaw na inilalahad ng mga datos na ito ang pangangailangan ng ibayong pagsasanay sa mga mag –aaral sa aspetong ito ng pagsulat. Muling inilalahad sa bahaging ito ng pag–aaral ang katotohanang may alam na sila sa wika subalit kailangan itong patuloy na linangin upang matamo ang ganap na pagkatuto.

Ang resultang ito ng pag–aaral ay kaugnay ng teoryang Kognitiv. Isinasaad ng teoryang ito na ang pagkatuto ng wika ay isang prosesong dinamiko kung saan ang mag–aaral ay nangangailangang mag–isip at gawing may saysay ang bagong tanggap na impormasyon, alamin ang pumapailalim na tuntunin at mailapat ang mga ito upang makabuo ng orihinal na pangungusap. Itinuturing ng teoryang ito ang pagkakamali bilang palatandaan ng pagkatuto at eksperimentasyon at hindi kagyat at tuwirang iwinawasto. Sa pagsulat, hindi maiiwasan ng mga mag–aaral ang magkamali. Subalit dapat tandaang ang pagkakamali ang unang hakbang sa pagkatuto. Sa pamamagitan ng mga maling nakita ng guro sa mga sulatin ng mag–aaral ay magkakaroon siya ng ideya sa kung anong aspeto ng pagsulat ang dapat niyang bigyan ng diin sa pagtuturo nito.

Dahil sa isang klasrum ang lugar ng pag-aaral at pagpapasulat ng komposisyon ang pinagkunan ng datos, hindi maipagkakailang marami ang naging sagabal o interferens sa pagkasulat ng komposisyon, tulad ng:

1. lumitaw ang language ‘repertoire” ng mga mag-aaral na kasangkot at nakita ang mga ito sa gamit nila sa gramar, istruktura at mekanismo;

2. naging tradisyunal ang pamamaraan ng pagpapasulat. Ang pag-aaral na isinasagawa ang turo sa mga kaalamang panglinggwistiks lamang na sumasakop sa gramar, istruktura, at mekanismo.

Base sa mga nabanggit na sagabal/interferens, ipinagwawalang-bahala hindi lamang ng mga mag-aaral, kundi maging mga guro ng wika ang kahalagahan ng kontent sa pagtuturo at pagkatuto ng wika sa klasrum.

Kontent ang lilinang sa atityud (attitude) ng mga mag-aaral at hahasa sa kanilang kahusayang panggramar, pag-iistruktura ng pangungusap at kakailanganing mekanismo upang makabuo ng isang mahusay at may pagkatutong komposisyon.

Lahat ng mga nabanggit na bunga/resulta ng pag-aaral, maging mga prinsipyo, teorya, pananaw at pag-aaral ay sinikap na isanib ng mananaliksik. Kung kaya’t isang pantulong na aralin ang binuo ng mananaliksik na sasakop at tutugon sa mga gramar, istruktura at mekanismong pangangailangan sa larangan ng pagsusulat.

**3. Mga Elementong Kasanib sa Pantulong na Aralin Na Bubuuin**

Ang gramar, istruktura at mekanismo ay nakasanib sa iba’t ibang pantulong na aralin sa Filipino 102.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Nakasanib sa progresibong pag–uulat ang gramar, na nakafokus sa aspekto ng pandiwa. Sa papel ng paninidigan, mekanismo ang binigyang pansin: wastong bantas, wastong gamit ng malaki at maliit na titik, at wastong baybay ng salita. Lilinangin ang kasanayan sa gamit ng morpopolohikong pangatnig sa pagsulat ng papel ng paninindigan at sa sa sulating paglalahad gamit ang sanhi at bunga. Kasabay namang matututunan ng pagsulat ng abstrak ang gamit ng mga morpopolohikong pang–angkop, pananda at pang–ukol. Sa pagsulat ng mission at vision naman ay bibigyang diin ang istruktura: pagkakaayos ng salita, pagkakaugnay ng paksa at panaguri, at ang ideya na magbibigay sa mga mag–aaral ng pagkakataong balik-aralan ang wastong kayarian ng pangungusap. Kasabay nito ay ang paglinang sa kasanayan sa gamit ng bantas at ng pangatnig. Sa aralin hinggil sa pagpapaliwanag ng proseso ay sama- samang palalaguin ang kaalaman sa tatlong salik na kailangan sa epektibong pagsulat: gramatika, istruktura at mekanismo. Nakafokus naman sa gamit ng bantas at gamit ng malaki at maliit na titik ang aralin sa pagsulat ng korespondensya. Sa huli, ang aralin hinggil sa paggawa at pagsulat ng ulat ay magbibigay ng karagdagang kaalaman poa rin sa wastong bantas at malaking titik.

Ipinahahayag ng natuklasan sa bahaging ito ng pag –aaral, na ang bawat pantulong na aralin sa Filipino 102 ay may kaakibat na salik sa pagsulat na maaaring malinang kasabay ng paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng sulating pangkolehiyo, tulad ng:

Pagsulat ng Progresibong Pag-uulat

Pagsulat ng Papel ng Paninindigan

Paglalahad ng Sanhi at Bunga

Pagbuo ng Abstrak

Pormulasyon ng Mission-Vision

Pagpapaliwanag ng Proseso

Korespondensya

Paggawa ng Ulat

**Pagsulat ng Progresibong Pag–uulat**

Batay sa mga pagsusuring ginawa, natuklasang angkop na isanib sa aralin hinggil sa progresibong pag –uulat ang gramar na nakafokus sa aspekto ng pandiwa. Ito ang nakitang karapat- dapat isanib sapagkat sa progresibong pag –uulat ay ibibigay ang mga detalye sa pag –usad ng isang proyekto kung saan gagamit ng mga pandiwa sa iba't ibang aspekto upang ipakita ang pag-unlad ng nasabing proyekto.

**Pagsulat ng Papel ng Paninindigan**

Isang katangiang dapat taglayin ng papel ng paninindigan ay ang kakayahan nitong makahikayat ng mambabasa sa isyung ipinaglalaban. Ang katwiran ay mapalulutang kung magagamit nang wasto ang mekanismo sa pagsulat.. Sa papel ng paninidigan, mekanismo ang binigyang pansin: wastong bantas, wastong gamit ng malaki at maliit na titik, at wastong baybay ng salita.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

**Paglalahad ng Sanhi at Bunga**

Isasanib ang kasanayan sa gamit ng morpopolohikong pangatnig sa aralin sa paglalahad gamit ang sanhi at bunga. Ito ang nakitang akma sa pagbibigay ng mga dahilan ng pagkakagawa ng isang bagay o pagkakaganap ng isang pangyayari . Gumagamit ng pangatnig upang mabisang mailahad ang mga dahilan ng mga pangyayari..

**Pagbuo ng Abstrak**

Kasabay na matututunan sa pagsulat ng abstrak ang gamit ng mga panandang morpopolohikong pang–angkop, pananda at pang–ukol. Magiging malinaw, epektibo at wasto ang isang abstrak kung gagamitan ito ng tamang pang–angkop, pang–ukol at pananda.

**Pormulasyon ng Mission -Vision**

Sa pagsulat ng mission at vision naman ay bibigyang diin ang istruktura: pagkakaayos ng salita, pagkakaugnay ng paksa at panaguri, at ang ideya. Idagdag pa dito ang pagsasanib ng gamit ng bantas at ng pangatnig. Ito ang nakikitang sagot sa pagkakaroon ng isang malinaw at epektibong vission mission isteytment.

**Pagpapaliwanag ng Proseso**

Magiging mabisa lamang ang pagpapaliwanag ng isang proseso kung gagamitin nang tumpak ang tatlong salik na kailangan sa pasulat na pagpapahayag: gramatika, istruktura at mekanismo. Ang pagsasanib ng mga salik na ito ay lubhang mahalaga upang magkaroon ng isang katanggap– tangap na pagpapaliwanag.

**Korespondensya**

Nakafokus naman sa gamit ng bantas at gamit ng malaki at maliit na titik ang aralin sa pagsulat ng korespondensya.

**Paggawa ng Ulat**

Ang aralin hinggil sa paggawa at pagsulat ng ulat ay magbibigay ng karagdagang kaalaman sa wastong bantas at gamit ng malaki at maliit na titik.Ito ang nakikitang angkop isanib sa araling ito sapagkat lubhang kailangan sa isang nakasulat na ulat ang wastong bantas, wastong gamit ng malaki at maliit na titik. Sa wastong gamit ng mga ito nakasalalay ang pagkaunawa ng target na mambabasa sa mensaheng nakapaloob sa ulat.

Ipinahahayag ng resulta ng natuklasan sa bahaging ito ng pag–aaral na may sadyang bahagi ng gramar, istruktura at mekanismo na aakma sa mga sulating pangkolehiyo.

**4. Pantulong na Aralin sa mga Kasanayan sa Pagsulat**

Patuloy ang pagsusulat ng mga mag-aaral sa lahat ng antas ng edukasyon. Katunayan, lagi itong kasama sa anumang paraan at metodong gamit sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto.

Sa isang komposisyong likha ng isang mag-aaral, mapag-aaralan ng guro ang kahulugan ng mga elements ng pagsulat: gramar at retorik, mabisang pagkakagamit ng mga ideya sa pagkakabuo ng mga talata, maging ang istilo at pagkagamit ng wika sa pagpapahayag.

Sa antas kolehiyo, sinisikap matamo ang mga panlahat na layunin ng isang kurso sa pamamaraang: una, nangangailangan ng isang set ng mga gawain o hakbang upang magamit ang mga pamamaraan (techniques) at paggawa ng isang bagay (operatum) na nilalapatan ng prinsipyo ng lohika at mapanghikayat na pagsulat; at pangalawa, pagsukat ng nalalaman ng mag-aaral sa wikang pinag-aaralan, kasama na ang kawastuan sa gramar o kaalamang panglingguistik. Samakatuwid, ito'y mga kaalamang tumutukoy sa tama at angkop na gamit ng talasalitaan, mga tuntuning ginagamit sa pagbubuo ng mga salita, parirala, sugnay at pangungusap kasama na rito ang wastong mekaniks sa pagsulat.

Mula sa naging resulta ng ginawang pag-aaral sa pananaliksik na ito, napatunayang kailangan ang kahandaan at mga kasanayan sa pagsulat upang matamo ang ilang aspeto ng pagkatuto. ng mananaliksik na sa mga modyul na binuo, pinag-ugnay ang anyong gramar sa konteksto ng sitwasyon. Sa ganitong pamamaraan, ang lumabas na resulta sa kahusayan ng mag-aaral sa tinatawag na "internalized grammar of expectancy," ay magagamit sa mga sumusunod na modyul upang malinang ang kanilang diskursong pang-akademiks.

**Buod**

Tinangkang alamin sa pananaliksik na ito ang mga karaniwang kamalian sa mga sulating pangkolehiyo ng mga mag –aaral ng Mindoro State College Of Agriculture And Technology ( MinSCAT ) batay sa gramar, istruktura at mekanismo. Sinikap sagutin sa pananaliksik na ito ang mga katanungang may layuning gawing basehan sa pagbuo ng pantulong na aralin sa paglinang ng mga kasanayan sa pagsulat para sa antas kolehiyo..

Ang mga sumusunod na katanungan ang mga sinagot sa pag-aaral na ito:

1. Anu-ano ang mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa kanilang sulatin batay sa:

    1.1. gramar;

        1.1.1. panandang morpopolohiko

            1.1.1.1. pang –angkop

            1.1.1.2. pangatnig

            1.1.1.3. panlapi

            1.1.1.4. pananda

            1.1.1.5. pang –ukol

        1.1.2. gamit ng panghalip

        1.1.3. gamit ng pang –abay

        1.1.4. aspekto ng pandiwa

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

1.2. istruktura

1.2.1. pagkakaayos ng mga salita

1.2.2. pagkakaugnay ng paksa at panaguri

1.2.3. pagkakabuo ng tanong

1.2.4. malabong ideya o kaisipan

1. 3. mekanismo

1.3.1. gamit ng bantas

1.3.2. gamit ng malaki at maliit na titik

1.3.3. wastong baybay ng salita?

2. Bakit may pagkakaiba ang antas ng kahusayan ng mga mag –aaral ng MinSCAT sa kanilang sulatin batay sa naitalang kahusayan sa:

2.1. gramar;

2.2. istruktura;

2.3. mekanismo?

3. Anu – ano ang mga elemento ng gramar, istruktura at mekanismo ang kasanib sa bubuuing pantulong na aralin?

4. Batay sa natuklasang mga resulta/bunga ng pagkilala sa mga kamalian sa binuong komposisyon, anu-ano ang mga pantulong na aralin ang mabubuo sa paglinang ng mga kasanayan sa pagsulat?

Ginamit sa pananaliksik na ito ang pamamaraang deskriptiv na gumagamit ng dokumentari – analisis gamit ang frekwensi at bahagdan. Ginamit din ang purposive sampling sa pagpili ng mga respondente. Lahat ng kumukuha ng Filipino 102 – Pagbasa at Pagsulat Tungo Sa Pananaliksik sa mula sa iba't ibang kurso sa dalubhasaan ng MinSCAT ay kabilang sa pag–aaral.

Sa kabuuan, may 592 mag –aaral mula sa dalubhasaan ng MinSCAT ang ginamit sa pag–aaral na ito. Ang sulating ginawa ng mga estudyanteng kalahok sa pag –aaral na ito ang ginamit na instrumento . Sinuri ang karaniwang kamalian sa kanilang mga sulatin at inalam kung saan ito nabibilang: gramar, istruktura, o mekanismo. Pagkatapos ay inalam din ang pagkakaiba ng antas ng kahusayan ng mga mag–aaral batay sa naitalang kahusayan sa gramar, istruktura at mekanismo, gayundin ang mga elemento ng mga nabanggit na kasanib sa bubuuing pantulong na aralin.

**Kinalabasan ng Pananaliksik**

Ang mga sumusunod ang kinalabasan ng pananaliksik:

1. Ang mga karaniwang kamalian ng mga mag–aaral sa kanilang sulatin ay makikita sa gramar , mekanismo at istruktura. Sa gramar , nangunguna ang mga panandang morpopolohiko. Nangunguna naman sa panandang morpopolohiko ang gamit ng pangatnig, sumusunod ang

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

panlapi, pangatlo ang pang –angkop, pang –apat ang pang –ukol at panghuli ang pananda. Karaniwang nagiging kamalian ng mga mag –aaral sa pangatnig ang gamit ng nang, na, at, o, habang, datapwat, sapagkat dahil at upang. Sa panlapi karaniwang kamalian ang panlaping ma- , an – han, mag, pagkawala ng panlapi, paggamit ng nag sa halip na mag. Sa pang –angkop, karaniwang kamalian ang pagkawala ng –g at –ng , gayundin ang paglalagay ng mga ito kahit di kinakailangan. Karaniwang kamalian naman sa pang –ukol ang gamit ng sa at ng , sa pananda , ang paggamit ng isahang ang, at maramihang ang mga, gayundin ang paggamit ng ang sa halip na sa. Sumusunod sa panandang morpopolohiko ang panghalip. Karaniwang kamalian sa gamit ng panghalip ang kawalang konsistensi sa paggamit, labis na gamit ng panghalip, pagkawala ng kasunduan, at maling posisyon nito sa pangungusap. Sa aspekto ng pandiwa, karaniwang kamalian ang paggamit ng aspektong pangnagdaan para sa aspektong pangkasalukuyan,aspektong pangnagdaan sa halip na aspektong panghinaharap, paggamit ng aspektong pangkasalukuyan sa halip na pangnagdaan, at ang switching ng aspekto ng pandiwa.Panghuli sa aspeto ng gramar ang gamit ng pang –abay. Karaniwang kamalian sa pang –abay ang maling posisyon nito sa pangungusap at labis na paggamit nito sa loob ng pangungusap. Karaniwang kamalian naman sa istruktura ang pagkakaayos ng salita, pagkakaroon ng malabong ideya o kaisipan, pagkakaugnay ng paksa at panaguri at panghuli ang pagkakabuo ng tanong. Samantala , karaniwang kamalian sa mekanismo ang gamit ng bantas. Sa bantas, nangunguna ang gamit ng gitling, kuwit, tuldok, pananong at pananong.Sumusunod sa bantas ang baybay ng salita. Karaniwang kamalian ng mga mag –aaral sa baybay ng salita ang pagpapalitan /e/, /i/, at /o/, /u/ .

2. Pinakamataas ang antas ng kahusayan ng mga mag- aaral sa gramar sa pang – abay na sa kabuuang bilang ng mag –aaral na 592, 540. ang walang mali sa gamit nito. pangalawa sa gramar ang panandang morpopolohikong pananda na may 496 na walang mali, sumunod ang gamit ng pang –ukol na may 459, pang –angkop na may 448 , pang –apat ang panlapi na may 410 at panghuli ang pangatnig na nakapagtala ng 310 sa 592 na mag –aaral. Pumapangatlo sa antas ng kahusayan sa aspeto ng gramar ang aspekto ng pandiwa. Sa kabuuang bilang na 592 mag –aaral na kabilang sa pag –aaral, 495 ang walang mali sa gamit ng aspekto ng pandiwa. Panghuli ay ang panghalip na may 474 ng mga mag –aaral na walang pagkakamali. Sa aspeto ng istruktura, pinakamataas ang antas ng kahusayan sa pagkakaayos ng salita, sumunod ang pagkakaugnay ng paksa at panaguri , sumunod ang pagkakabuo ng tanong at panghuli sa antas ng kahusayan ang malabong ideya o kaisipan.Sa aspeto ng mekanismo, pinakamataas ang antas ng kahusayan sa gamit ng malaki at maliit na titik na nakapagtala ng 501 ng mga mag –aaral na walang mali sa gamit nito, wastong baybay ng salita na may 381, gamit ng bantas na may 336 na mga mag–aaral na walang mali sa paggamit ng bantas sa kanilang sulatin.

3. Nakasanib sa progresibong pag–uulat ang gramar na nakafokus sa aspekto ng pandiwa, mekanismo ang binigyang pansin sa papel ng paninindigan kabilang ang : wastong bantas, gamit ng malaki at maliit na titik at baybay ng salita.Sa paglalahad gamit ang sanhi at bunga ay nakasanib ang pangatnig. Sa abstrak ay tatalakayin din ang pang – angkop, pananda at pang–ukol. Sa mission at vission naman ay isasanib ang istruktura: pagkakaayos ng salita, pagkakaugnay ng paksa at panaguri, at ang malabong ideya o kaisipan, pangatnig at gamit ng bantas.Sa pagpapaliwanag ng proseso magkakasamang lilinangin ang tatlong aspeto sa pagsulat: gramar, istruktura at mekanismo. Nakasanib naman ang gamit ng bantas at gamit ng malaki at maliit na titik sa pagsulat ng korespondensya at sa pagsulat ng ulat ay isasanib pa rin ang wastong bantas at ang gamit ng malaki at maliit na titik.

4. Sa kabuuan, makikitang mataas ang bahagdan ng kahusayan at mataas ang pagpapakahulugan na pinakamahusay sa halos lahat ng kategoryang sakop ng gramar, istruktura at mekanismo. Pagpapatunay lamang na mas madali ang pagkatuto ng mga mag-aaral kung unang wika ang gagamitin sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat, tulad ng pagpapasulat ng mga komposisyon. Ang mga natuklasang ito ay pagpapatunay lamang na ang kalikasan ng wika ay likas at katutubo (innate and native) sa bawat taong gumagamit nito –pasalita man o pasulat. Makikita ang mga ito sa gamit ng mga katutubong patern ng isang istrukturang gramatikal.

5. Napakahalaga ng mensahe o ideya para magamit sa content at konteks ang wika—gramar, istruktura at mekanismo. Ipinakita ito sa binuong mga pantulong na aralin na may walong (8) mga kasanayang komposisyon.

**KONGKLUSYON**

Batay sa resulta ng pag–aaral, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. Maraming pagkakamaling nakita sa mga sulatin ng mga mag-aaral sa aspeto ng gramar, istruktura at mekanismo.

2. May pagkakaiba ang antas ng kahusayan ng mga mag –aaral sa gramar, istruktura at mekanismo dahil sa iba't ibang sagabal o interferens sa pagkasulat ng komposisyon.

3. May sadyang nakalaang elemento ng gramar, istruktura at mekanismo na dapat isanib sa bawat uri ng bubuuing pantulong na aralin.

4. May mga disenyo ang mga pantulong na aralin upang lalo pang magkaroon ng kasanayan sa pagsulat ang mga mag-aaral sa antas Kolehiyo, MINSCAT.

**REKOMENDASYON**

Batay sa kinalabasan ng pag–aaral at sa kongklusyong ibinigay, inirerekomenda ng mananaliksik ang sumusunod para sa:

**Mag-Aaral**

1. Kakayahang pumuna sa sariling kamalian. Kailangan matutuhan ng mga mag-aaral ang panimula o simpleng pag-eedit ng sariling komposisyon bago gawin ang pinal na kopya; Mekanismo sa pagsulat ang panimulang tuon sa proseso ng pag-eedit;

2. Kaugaliang magbasa para magkaroon ng pamilyaridad sa gamit ng gramar, mekanismo at istruktura ng mga pangungusap. Hindi sapat ang araling pangklasrum at pagbabasa ng mga librong panggramar: Upang humusay ang mga kasanayang pagbasa at pagsulat, ugaliing magbasa ng mga aklat pampanitikan, peryodikals, djornals at mga iba pang "secondary sources;" at

3. Kailangang matuto sa pamamagitan ng paggawa (learning by doing); kasabay ng pagkatuto sa pamamagitan ng halimbawa (learning by example). Ugaliing magsulat nang magsulat ng

anumang diskursong nais para maging bahagi at manatil sa kanilang kaalaman at kasanayan (knowledge and skills).

**Guro**

1. Kailangan ang peryodikal na pagrerebyu sa kurikulum—Syllabus, action plan, readings, test materials at iba pang gamit/pantulong sa pagtuturo;

2. Kailangan balangkasin muna ang mga gawaing pagsulat at pagbasa na kasanib ang gramar para magkaroon ng pag-aangkop o pagtutugma ng mga layunin, estratehiya, pagpapahalaga, mga lunsaran, visual aids sa paglinang/pag-unlad ng mga kasanayang pangwika ng mga mag-aaral;

3. Kailangan kilalanin muna ang kakayahan ng mga mag-aaral kaugnay ng mga gawaing akademiko. Sa lebel kolehiyo, magbigay ng "diagnostic exam" na sasakop sa mga kasanayang pagbasa at pagsulat. Mula sa magiging resulta, dito masasalig ang sakop at delimitasyon ng mga aktuwal na aralin para sa isang semester; at

4. Sa pampropesyunal na kaunlaran ng guro, kumuha ng M.A. o Ph.D.; dumalo sa mga salingkurang pagsasanay, seminar, workshops at ipagpatuloy ang pagbabasa tingkol sa mga bagong kalakaran sa edukasyon: Kailangan ang mga ito lalo na't kolehiyo ang hawak na lebel ng mag-aaral.

**Administrasyon**

1. Kailangang paunlarin at pro-active and Research and Development Office o Komite ng anumang Unibersidad o Kolehiyo. Magsisilbing "support system" ito sa mga guro sa "Adaptation, Production, and Use of Instructional Materials" o tinatawag na "educational technology;" at

2. Kailangan ang pagsasagawa ng "Focus Group Discussion" (FGD) para tuklasin ang mga problema ng mga mag-aaral, guro at iba pang mga kasangkot sa prosesong pagtuturo—pagkatuto. Sa lebel kolehiyo, kalidad na edukasyon ang nararapat na tunguhin at ang pag-alam sa mga pangangailangan (needs assessment) ang panimulang direksyon nito.

**SANGGUNIAN**

Aban, E. B., & Cruz, R. J. (s.n.). *Pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina: Batayang aklat sa Filipino 2.*.

Acero, V. O., & Leuterio, F. C. (2006). *Methods of research*. Rex Bookstore..

Adeyanju, V. J. (2003). *Teachers perception of the effects and use of learning aids in teaching: A case study of Winneba Basic and Secondary Schools* (Faculty of Education, Institute of Education). Obafemi Awolowo University. http://ultibase.rmit.edu.au/Articles/nov03/adeyanjui.htm.

Arrogante, J. A., et al. (2007). *Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik*. National Bookstore..

Astorga, E., Jr. R. (1999). *Isang mungkahing kagamitang panturo sa Filipino 1: Sining ng pakikipagtalastasan* [Di-limbag na Masteral Tesis]. Eulogio "Amang" Rodriguez Institute of Science and Technology..

Austero, C. S., et al. (2006). *Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik*. Unlad Publishing House..

Austero, C. S., et al. (2007). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*. Unlad Publishing House..

Badayos, P. B. (1999). *Metodolohiya sa pagtuturo ng wika: Mga teorya, simulain at istratehiya*. Merriam School and Office Supplies Co..

Badayos, P. B. (2000). *Filipino sa iba't ibang disiplina*. Grandwater Publications..

Badayos, P. B. (2007). *Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik*. Mutya Publishing House..

Bayani, P. B. (1985). *Isang pagsusuri sa kasanayang pangwika sa sulatin ng mga mag-aaral sa ikaapat na baitang, Paaralang Elementarya ng Rafael Palma, Taong Panuruan, 1984-1985* [Di-limbag na Tesis/Disertasyon]..

Belvez, P., Buensuceso, T., Catacataca, P., Cui-Acas, C., Lemence, E., Papa, N., Tuazon, R., & Villafuerte, P. (1997). *Ang guro at ang sining ng pagtuturo*. Danr Publishing House..

Belvez, P., et al. (2004). *Pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina*. Rex Bookstore..

Bernales, R. A., et al. (2001). *Pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina*. Mutya Publishing House..

Casanova, A., & Rubin, L. T. (2001). *Retorikang pangkolehiyo*. Rex Bookstore..

Chafe, W. (1973). *The meaning and structure of language*. The University of Chicago Press..

CHED Memorandum Order No. 54, Series 2007..

CHED Memorandum Order No. 59, Series 1996 (at ang Annex nito)..

Colocar, R. M. (2002). *Mungkahing paggamit ng modyul sa pagtuturo ng Araling Pagkamakabayan sa unang antas sa paaralang pangsekondarya ng Lungsod ng Calapan: Isang pagsusuri* [Di-limbag na Disertasyong Doktoral]. Dalubhasaan ng Divine Word..

*Common mistakes of a custom application or admission essay*. (s.n.). http://www.customwritten.com/custom-application-essay.html.

Danielson, L. (2000). The improvement of student writing: What research says. *Journal of School Improvement*, 1(1)..

DepEd Memorandum Order No. 83, Series 2008..

*Developing language for life*. (2007). Talk To Your Baby, National Literacy Trust. http://www.literacytrust.org.uk/talktoyourbaby/theories.html.

Escoto, M. A. C. (2007). *Masining na pagpapahayag: Aklat sa Filipino 3 – Antas tersyarya*. Mutya Publishing House..

Evangelista, C. A. (1997). *Ang mga paraan sa pagtuturo ng modyul sa mga mag-aaral sa Pambansang Mataas na Paaralan ng Malasiqui, 1995–1996* [Di-limbag na Masteral Tesis]. Pamantasan ng Baguio Sentral..

Ferguson, C. A. (1971). *Language structure and language use*. Stanford University Press..

Fisk, Gloria. (2007). *Error and what to do about it* (Writing Across the Curriculum/Writing in the Disciplines Program). City College of New York. http://qcpages.qc.cuny.edu/writing/soliday eror.doc.

Friedlander, J. (2007a). *Abstract, concrete, general and specific terms*. The Guide to Grammar and Writing, Capital Community College Foundation. http://grammar.ccc.commnet.edu/grammar/compositin/organization.htm.

Galang, T., et al. (2007). *Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik*. Rex Bookstore..

Garcia, L. G. (1992). *Makabagong gramar ng Filipino*. Rex Bookstore..

Gardoce, N. T. (2005). *Programa sa pagbasa: Isang patnubay sa pagpapataas ng pagganap ng mag-aaral* [Di-limbag na Disertasyong Doktoral]. Unibersidad ng Batangas..

Garma, L. B. (1992). *Isang mungkahing kagamitang panturo sa pagtuturo ng mabisang pagpapahayag* [Di-limbag na Tesis/Disertasyon]. Saint Paul University of Cagayan Valley..

Gleason, J. B. (1989). *The development of language*. Mervill Publishing Company..

Gocsik, K. (2005). *Grammar and the facilitative approach*. www.datmouth.edu/~writing/materials/tutor/problems/grammar.shtml.

*Grammatical horrors*. (2007). http://www.bestessays.com/writing guide.php.

Greenberg, J. H. (Ed.). (1963). *Universals of language*. The MIT Press..

Halliday, M. A. K. (1973). *Exploration in the functions of language*. Oxford University Press..

Hobbs, J. (2003). *The problems of discourse*. www.isi.edu/hobbs/disinf.chap1/node2.html.

*How to write mission vision statements*. (s.n.). http://www.lega-term.com.

ISSN:3116-4692

Jerz.setonhill.edu. (s.n.). *Technical writing: What is it?*.

Jimenez, C. M. (1998). *Mga modyul sa pagtuturo ng Filipino sa ikaanim na baitang sa paaralang elementarya sa Distrito ng Lingayen I at II* [Di-limbag na Masteral Tesis]. Pamantasan ng Baguio Sentral..

Jocson, M. O., et al. (2004). *Filipino sa iba't ibang disiplina.* Grandwater Publications..

Kingston, P. T., Shanmugam, K., Selvaraj, R., Auand, R., & Bhranitharan, R. M. (2005). *Problems in writing disability among the school children (South India)*. http://sitemaker.umich.edu/baranasidecember2005/files.t.kingston.problems in writing disab.

Lachica, V. S. (1998). *Pandalubhasang pagbasa at pagsulat*. MK Imprint..

Lett, J. (s.n.). *Common writing errors to avoid*. http://faculty.incc.edu/faculty/jlett/Link%20to%20Physical%20Common%20Essay%Errors.htm.

Liwanag, L. S. (1995). [Artikulo]. *Phoenix Educational Journal*..

Lyons, J. (1981). *Language and linguistics: An introduction*. Cambridge University Press..

Manansala, T. D. (1999). *Gramatikal na analisis ng pasulat na Filipino at limang katutubong wika ng mga estudyante ng Cordillera: Tungo sa mabisang komunikasyon I – EAP* [Di-limbag na Disertasyong Doktoral]. Unibersidad ng Pilipinas..

McArthur, T. (1989). *A foundation course for language teachers*. Cambridge University Press..

Mendoza, Z. M., & Romero, M. L. (2007). *Pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina sa antas tersarya*. Rex Bookstore, Inc..

*Mission vision statement: Business plan basics*. (2007). http://www.you.ufl.edu.people/faculty chanolmsted/mission.htm.

Moratilla, F. R., et al. (2003). *Pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina*. Trinitas Publishing Inc..

Murrow, P. (2007). *Analysis of grammatical errors in students' writing*. http://www.matsue-ct.ac.jp/tosho/kiyou40/pdf/k-report02.pdf.

Myles, J. (2007). *Second language writing and research: The writing process and error analysis in student texts*. Queens University. http://tesl_ej.org/ej22/al.html.

*Online Technical Writing: Information structures causal discussion*. (s.n.). http://www.io.com.

Ornstein, J., et al. (1987). *ABC's of language and linguistics*. National Textbook Company..

Pagkalinawan, L. C., et al. (2004). *Filipino I: Komunikasyon sa akademikong Filipino*. Mutya Publishing House, Inc..

Paz, C. V., et al. (2003). *Ang pag-aaral ng wika*. The University of the Philippines Press..

*Preparing to write a position paper*. (s.n.). http://nvcc.edu./home/dashdenas./Positionpaper.htm.

Recorba, F. M., et al. (2003). *Pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina*. Trinitas Publishing Inc..

Ruedas, P. C., & Abad, M. A. (2001). *Paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo*. National Bookstore..

Santiago, A. O., & Tiangco, N. G. (2003). *Makabagong balarilang Filipino*. Rex Bookstore..

Sauco, C. P., Papa, N. P., & Dueñas, E. F. (2004). *Pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina para sa antas tersyaryo*. Katha Publishing Co., Inc..

Saymo, A., Gutierrez, R. S., Trajano, M. DG., & Ornos, P. S. (2005). *Effective writing*. Grandwater Publications..

Shaughnessy, M. P. (n.d.). *Errors and expectations: A guide for the teacher of basic writing*. Oxford University Press. http://www.bsu.edu/english/writingprogram/basicwriting/error.htm#4.

*Silabus sa Filipino 102 – Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik*. (s.n.)..

*Some common stupid mistakes*. (2007). http://www.besessays.com/common_stupid_mistakes_page8.php.

*Structure*. (s.n.). http://www.dartmoutn.edu/~writing/materials/tutor/problems/structure.shtml.

Tanawan, D. S., et al. (2003). *Retorika: Mabisang pagpapahayag sa kolehiyo*. Trinitas Publishing, Inc..

Tumangan, A. P., Sr., et al. (1997). *Retorika sa kolehiyo (Filipino 3)*. Grandwater Publications and Research Corporation..

UNESCO. (s.n.). *Education for all - Goal 4*..

Wardhaugh, R. (1975). *The context of language.* Newbury House Publisher, Inc..

*What is a functional resume?* (s.n.). http://www.jobstar.org/res-func.htm.

Wilkins, D. A. (1972). *Linguistics in language teaching*. Oxford University Press..

Yñota, F. (1996). *Pag-aaral sa mga karaniwang kamalian sa pagsulat na Filipino ng mga mag-aaral sa unang taon sa apat na mataas na paaralang bayan ng Sangay ng Samar, Taong Panuruan 1994-1995*